


PAKIKIPAGLABAN PARA SA PANANAMPALATAYA

 Salamat, Kapatid na Arganbright. Magandang gabi, mga kaibigan. Napaka gandang pagpapakilala nga n'yan, hindi po ba, “ang Pangulo ng Estados Unidos”? Nagagalak tayo na makaparito sa gabing ito, sa bulwagang ito rito sa Georgetown, Indiana.

² Nung bumibiyahе po ako papunta rito kanina, para bang bigla na lang nanumbalik itong mga alaala na ito sa isip ko. Isa sa pinaka una kong gawain para sa pagpapagaling, ay dito sa Georgetown, Indiana. At ilan po rito ang nakakaalala pa dun sa pagtitipon sa Wolfe Grove, nung magpunta ako rito sa Wolfe Grove noon? May nagtaas nga ng kamay niya diyan sa likod, dalawa o tatlo; nung magpunta kami rito sa Wolfe's Grove. Sa pagkakaalala ko may munting ginang sila rito, na nakatira sa New Albany, na tatlumpu't limang taon nang pilay noon; siya nga'y nakapaglakad sa pinaka unang pagkakataon. O, isa pong maliit na tao, 'yun nga ang naaalala ko, at hindi nga siya kahit kailan nakakalakad noon.

³ Buweno, dala-dala ko pa rin mapasa ngayong gabi ang siya ring Mensahe na 'yun, “Si Jesus ay namatay upang magligtas at magpagaling,” at hinding-hindi ko 'yan binago kahit kaunti. Mula noon, napaka rami nang bagay ang naganap. Nasaksihan ko ang milyun-milyong mga kaluluwa na nagsilapit kay Jesus Cristo, at mga tanda at mga kababalaghan sa buong mundo. May mga hari't maharlikang tao't mga maharlikang namumuno na sila'y ipinanalangin, at gumaling sa biyaya ng ating Diyos. At tayo'y lubos na nagagalak, ngayong gabi, na malaman na ang Diyos ay nananatili pa ring Diyos, at di Siya nagbabago.

⁴ Natutuwa po ako, ngayong gabi, na makita ang kaibigan ko, si Dr. Cauble, diyan. Di ko po alam kung may nagpakilala na sa kanya o wala pa, siya'y taga-Church of the Open Door, sa Louisville. Naipakilala ka na ba, Kapatid na Cauble? Maaari ka bang tumayo muna sandali. Hindi ko—hindi ko naman gustong mahiya siya. Pero, si Dr. Cauble po, ng the Church of the Open Door. Halos lahat ay kilala naman siya, sa palagay ko, sa mga narito ngayon, dahil may pagmi-ministeryo po siya sa radyo, at isa ngang tunay na katangi-tanging pagmi-ministeryo.

⁵ At hayan din na sa tingin ko naman, napaka rami nating mga mabubuti't mainam na mga gawain dito sa Louisville, Kentucky, kasama si Dr. Cauble. Kalugud-lugod nga sa tuwina na makasama siya sa mga pagtitipong ito. Hayan din, na may

iba pang mga ministro rito, siyanga rin, na sa palagay ko ang ilan sa kanila ay taga-rito sa mga lokal na kaiglesyahan dito. At, kapatid, marahil di ko kayo kilala, pero ako'y natutuwa na naparito kayo, at ang manabik sa kaunting panahon na ito ng pagbubuklod na magkakasama. Hayan nga't nito-nito lang sila nagpasabi. Di ko pa alam at nung isang araw lang bago 'yung kahapon ko lang nalaman, sa palagay ko nga, na paririto ako.

⁶ At si Kapatid nating Arganbright, ang inyong. . . isa sa mga kalalakihan n'yo rito sa lugar n'yo, dito sa pamayanan n'yo, hayan nga't, alam n'yo naman kung paano siya kumilos, na biglaan talaga. Sadya ngang kapag may pangunguna sa kanya ang Espiritu, haya't, agad-agad siyang kumikilos.

⁷ Kamakailan lang, ako'y. . . Oh, mga anim o walong buwan na ang nakararaan, nakaupo ako sa bahay, nung isang araw. At naghahanda ako noon na magpunta ng Denver, Colorado, para sa isang malaking gawain. At may munting lalaki na nagpunta sa bahay, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham, tumanggap ako ng dakilang kapahayagan mula sa Panginoon."

Sabi ko, "Ano 'yun, ginoo."

⁸ Sabi niya, "Inilagay ng Panginoon ang Zurich, Switzerland, sa puso ko, na magpunta dun." Sabi, "Gusto mo bang sumama sa akin?"

⁹ Sabi ko, "Buweno, may gabing pagtitipon ako sa Denver. At tapos nun sasadya naman ako sa isa na namang pagtitipon," Sabi ko, "hindi naman ganoong kaimportante. Bakit?" Kapag binubulay ko 'yun nang mas maigi, hayan nga't, kung sa akin lang, na kapag may nalalaman ako na kapag si Kapatid na Arganbright ay may tinatanggap na kapahayagan patungkol sa kung anong bagay, 'yun nga'y mainam, at galing 'yun sa Diyos.

¹⁰ At nagpunta kami sa Switzerland, at pinagkalooban kami ng Panginoon ng limang libong mga kaluluwa dun. Sumadya rin, mula dun, sa Karlsruhe, Alemanya, at pinagkalooban uli kami ng Panginoon ng limang libo pa, halos. Sandaang libong mga kaluluwa sa payak na munting gawain dun. Ganoon na lamang na Kanya kaming pinagpala! At—at ngayon kami'y nagplaplano, na sa tag-init na ito, o bago lamang mag-tagsibol, na makabalik sa Aprika, at sa Switzerland, India, mga ilang paglilibot sa bansa.

¹¹ Pupunta po ako ngayon sa Minneapolis, Minnesota, doon sa isang arena dun para sa susunod na gawain. Pagkatapos, dito naman, sa Sioux Falls. Doon sa Mexico, dun sa Mexico City, sa may arena dun. Babalik kami, magpupunta rito sa East Coast. At pagkatapos, mula dun, ay pa-Anchorage, Alaska naman. Pagkatapos magdadaos kami ng mga gawain dito sa Amerika. Mayroon na kami ritong. . . bagong tolda na magagamit dun, na kasya ang ilang libong tao, at ilang van, at iba pa, para sa

ilang mga pagtitipon dito sa Amerika bago bumalik sa pag-ibayong dagat.

¹² Haya't humihiling po kami ng panalangin sa mga narito sa dakong ito. Narito nga ang mga kababayan namin dito, alam n'yo, na hetong nakabalik-bayan na kami uli, at tunay nga na nalulugod kami sa inyong mga panalangin.

¹³ At sa pagsapit namin dito sa munting pangkalahatang mga ebanghelikal na gawain, di po kami sumadya rito para may ipakilala kami na anumang iglesya, anumang denominasyon, anumang espesyal na grupo ng mga tao. Kami'y sumadya rito dahil iniibig namin si Jesus, at batid namin na iniibig n'yo rin Siya, maging kayo. At sumadya kami sa dakong ito para sa isang panahon ng pakikipag-isa, para makipag-isa sa palibot ng Kanyang Salita, at sa palibot ng Kanyang ipinangakong pagpapala. At ako po'y. . . Yun lamang ang sadya namin, ang makatuon para sa mga pagtitipong ito.

¹⁴ At ikinagagalak natin ngayong gabi, na makasama natin si Kapatid na Tommy Nickelson, dito, na sa tingin ko nama'y ipinakilala na siya ni Kapatid na Arganbright, siya po ang—ang tagapatnugot ng *Christian Men's Voice*, sa buong mundo. Isang grupo ng mga kalalakihan na ako'y nalulugod na mapabilang sa kanila. Ito'y—ito'y mga *Christian Business Men* na bumuo ng organisasyon, at naging pang-buong mundong paglilingkod na. Sila ang tumataguyod sa akin sa halos lahat ng mga pagtitipon ko sa buong mundo. At siya po ang tagapatnugot ng *Christian Men's Voice*.

¹⁵ At mangyari pong gumayak kami, kanina, para kumuha ng ilang mga patotoo patungkol sa mga lumang kaso, para makita kung ang Makalangit na pagpapagaling ay tumatagal ba o hindi. Nagpunta kami dun kina Gng. Carter. Iniisip ko nga na sana narito sila ngayong gabi, sina Georgie at Gng. Carter. At si Georgie po ay isa sa mga kaso na pinagaling, na sa tingin ko, nasa labing-apat, labing-limang taon na ang nakararaan.

¹⁶ At isa sa mga lokal na kalalakihan n'yo rito, si G. Hall, na isa sa mga naakay sa Milltown Baptist Church, kung saan ako dati nagpa-pastor. At siya po'y napagaling mga ilang taon na rin ang nakararaan, sa kanser; sinukuan na siya sa Louisville, ng mga doktor, at sa buong bansa. At ayos na ang pakiramdam niya, rito, ngayong gabi, malusog at masigla. Nakikita ko siya na nakaupo rito ngayon.

¹⁷ At nagpunta rin kami sa dako kung saan ang Anghel ng Panginoon ay bumaba't nagbilin sa akin kung anong gagawin.

¹⁸ At ngayon, mga kaibigang Cristiano, sa puntong ito, tayo'y sumapit na sa bagay na ito. Di natin inaangkin na kaya nating magpagaling, dahil ang pagmi-ministeryo ng mga ministro natin ay walang katangian para Makalangit na magpagaling, pero naniniwala tayo sa Makalangit na pagpapagaling dahil

nasa Ebanghelyo ito. At walang kahit sinong tao ang kayang magpagaling ng sinuman. Ang pagpapagaling ay di nakalagak sa kapangyarihan ng tao. Ang pagpapagaling ay nakalagak dun sa Kapangyarihan ng Diyos. At di binigyan ng Diyos ang tao ng kapangyarihan para magpagaling.

¹⁹ Ang ibinigay lamang ng Diyos kay Cristo ay ang—ang atas na pumarito sa lupa, para mamatay na humalili sa atin, para sa ating mga pagkakasala't mga karamdaman natin. Ang sabi ng Kasulatan, “Siya’y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, sa Kanyang mga latay ay tayo’y napa,” kapag sinabing *napa* ay tapos na, “tayo’y napagaling.” At naniniwala tayo na sa ating pagpapahayag ng pananampalataya, na si Jesus, ang Dakila nating Saserdote, ay namatay at nagbangong muli, para alisin ang kasalanan mula sa mundo; at nakaupo na ngayon sa kanan ng Diyos, ang Ama, na doon ay pumapagitan sa mismong ating pagpapahayag. At nung Siya’y mamatay para sa ating mga kasalanan, di nga Siya maaaring mamatay para sa kasalanan na di rin naman para sa mga karamdaman.

²⁰ Ang karamdaman ay isang bunga ng kasalanan. Ngayon, maaari ngang di kayo nagkakasala, pero nagkakasakit pa rin. Haya’t dahil nga ito sa pagkakasala noon, kung tutuusin, kaya nagdulot ng pagkakasakit sa mundo. Bago tayo magkaroon ng anumang pagkakasala, wala tayong karamdaman. Pero nung pumasok ang karamdaman, ang kasalanan ay nagbunga.

²¹ At, ngayon, hindi n’yo nga mahaharap ang kasalanan, sa kung anumang paraan, nang hindi hinaharap ang karamdaman o anupamang ibang bunga na ibinunsod nitong kasalanan. Ang kasalanan, sa pagharap natin sa kasalanan, humaharap tayo sa kamatayan. Sa pagharap nga natin. . . Haya’t ang karamdaman ang—ang unang yugto ng kamatayan, kapag sinakmal ng karamdaman ang iyong katawan.

²² Sa gabi pong gaya nito, para sa isang munting pagtitipon, na dadalawang-araw lamang ang pasabi na kayong mga narito ay naanyayahan at nagkatipon sa gusali, sa gabing ito. Mahirap nga na dumetalye masyado, katulad ng ginagawa natin sa mga malakihang gawain kung saan humihimpil tayo roon ng ilang mga linggo’t buong sanlinggo, para magpaliwanag. “Ano ang karamdaman? Saan ba ito nanggaling?” Wala ngang anumang bagay na haya’t may dahilan ang lahat, at may nagpapabunsod ng lahat. At di n’yo nga mahahanap ang lunas hangga’t makita n’yo muna ang nagpapabunsod.

²³ Gaya ng sinasabi ko, sa dako rito di pa katagalan. Kung magpupunta ako sa doktor. . . Hayan nga’t wala po akong ano man na laban sa mga doktor. Mga espesyalista, pag-oopera, mga ospital, lahat ng ’yan ay plano ng Diyos. Pero halimbawa nga kung magpupunta ako sa isang doktor at sasabihin ko sa kanya na may sakit ng ulo ako na di matigil-tigil, at bibigyan

niya ako ng aspirin, at sasabihin, “Ngayon, sige umalis ka na, Billy, gagaling din ’yan.” Ngayon, gusto lang akong itaboy ng taong ’yun. Kita n’yo? Siya, ang. . . Ang tunay na doktor kasi’y susuriin niyang maigi muna ang kaso ko at titingnan kung ano ba talagang problema sa akin. At dadako siya roon sa pinaka dahilan nito, kung saan ba ’yun nanggagaling, at hayan nga’t magsisimula siyang trumabaho mula dun.

²⁴ Buweno, ngayon, ganoon nga din ang dapat nating gawin sa—sa Makalangit na pagpapagaling, o sa kaligtasan man ng kaluluwa. Kung may isang tao nga na dudulog dito at sasabihin na siya’y nababagabag nang husto patungkol dito sa kanyang—kanyang kaligtasan, ang unang-unang bagay na dapat gawin, ninyo na mga ministro rito, tugaygayin n’yo mismo hanggang sa pinaka dulo hanggang sa masumpungan n’yo, doon sa dulo, kung saan ba siya nalihis o kung ano bang nangyari. Mula dun ay maaari n’yo siyang kausapin. Ganoon nga ito sa Makalangit na pagpapagaling.

²⁵ Anupa’t, ang Makalangit na pagpapagaling ay hindi isang kapangyarihan na ibinigay ng Diyos sa tao. Ang kagalingan nga ay doon lamang nakalagak sa pagtutubos.

²⁶ May gusto akong itanong sa inyo na isang bagay, dahil alam ko na may mga ministro rito na mula pa sa iba’t ibang iglesya. At papaano n’yo nga ipangangaral ang kaligtasan ng kaluluwa? Ang tanging paraan. . .Hindi n’yo kasi puwedeng sabihin. . . Sasabihin natin, “Buweno, ako’y napagbagong-loob, Kapatid na Branham. Naligtas ako nang mga sampung taon na ang nakararaan. Naligtas ako nang mga dalawampung taon na ang nakararaan.” Hindi ganoon, mali ’yun. Haya’t tinanggap mo, marahil, sampu o dalawampung taon na ang nakararaan, Pero, naligtas kayo labing-siyam na daang taon ang nakararaan, nung si Jesus ay mamatay sa Kalbaryo. Tinuldukan Niya ang suliraning ’yun na dulot ng kasalanan, magpakailanman, doon. Doon Niya binayaran ang sukdulang halaga, inalay ang pinaka mabigat na pag-aalay, na, sa pamamagitan ng kamatayan Niya sa Kalbaryo, ay hayan nga’t nagkamit tayo ng karapatan sa kaligtasan. Ang halaga ay binayaran na.

²⁷ Kaya, wala ito sa anumang magagawa mo. Ito’y dahil sa Kanyang ginawa na. At ang personal mong pananampalataya, at ang tanggapin ’yun, ang naghatid sa inyo ng kaligtasan n’yo. At ngayon, heto, “Siya’y nasugatan sa ating pagsalangsang; sa Kanyang mga latay ay tayo’y gumaling.” Kita n’yo?

²⁸ Lagi ko pong nababanggit ito, na di mo—di mo magagawa sa anumang paraan. . . Kung may ahas, o kung anong hayop na ’yung mga kuko niya’y nakasakmal sa tagiliran ko, at talagang sinusugatan ako sa tagiliran ko at pinapatay ako, hindi ko na kailangang pagsumikap na na putulin ’yung panunggab niya.

Haya't punteryahin lang sa ulo. Patayin ang kanyang ulo; 'yung buong katawan ay mamamatay.

²⁹ Buweno, ganoon din ito sa Makalangit na pagpapagaling. Nung hinarap mismo ni Jesus ang karamdaman o kasalanan, sa Kalbaryo, ang ulo nito ang Kanyang pinagtuunan ng pansin, na itong kasalanan nga. At, sa pagtuon doon, hinarap Niya ang kasalanan kasama nun. Di nga Niya kailangang sige't putulin na lamang 'yung panunggab nun. Pinatay Niya mismo ang ulo; haya't damay na roon ang iba pa. Kaya, si Jesus ay pumarito, upang ihatid sa tao, lahat ng—ng nasa lahi noon ni Adan . . . o, haya't pinuksa ang kasalanan ni Adan na naroon sa halamaman ng Eden. At ngayon nasa atin na ang mga katangiang ito, o ang paunang katibayan ng Walang Hanggan nating kaligtasan, sa pagtanggap natin kay Cristo bilang ating Tagapagligtas, o kay Cristo bilang ating tagapapagaling. Nakamit natin 'yun, ang paunang pakinabang ng buo nating katubusan, sa panahon na Siya'y darating.

³⁰ Tayo'y natutukso. Lahat tayo'y natutukso. Lahat tayo'y nagkakasala. Walang kahit sino ang di nagkakasala. Araw-araw tayo nga'y nagkakasala. Sinabi pa nga ni Pablo na siya ma'y kinakailangan niyang "mamatay araw-araw." "At kung sabihin natin na nagkakasala tayo, at walang kasalanan, kung ganoon," ang sabi ng Biblia, "ginagawa nating sinungaling ang Diyos." At di natin puwedeng gawin 'yun. Kaya, nagkakasala tayo araw-araw. At ito nga'y sa biyaya, sa biyaya ng Diyos, na nagligtas sa atin.

³¹ "At sa pag-amin natin sa ating mga pagkakamali, ang Diyos ay matuwid na patawarin tayo." At ang inyong—inyong pag-amin, hangga't nananatiling sinsero 'yan, ganap nga ang inyong pagkaligtas. Mangyaring ganoon din ito sa Makalangit na pagpapagaling. Nasa personal n'yong pananampalataya ito sa nabuhay na mag-uling Panginoong Jesus.

³² Kaya, ngayong gabi, naisip ko na ako'y ano lamang. . . Sa kaunting oras na ito na makakasama kayo sa pagbubuklod, at sa dakong ito rito kung saan ang lahat ng mga kaiglesyahan, na ang munting kalipunan ng mga tao rito, ay magkatipun-tipon dito sa maliit na bayang ito ng—ng Georgetown. At, kami, una muna sa lahat gusto po naming magpasalamat kay Kapatid na Arganbright at sa lahat ng tumulong para gawing posible ito. Gusto naming pasalamatan ang lupon ng eskuwelahan para sa pagpapagamit sa atin ng bulwagang ito ng gym, sa gabing ito, para sa gawain. At gusto kong pasalamatan ang bawat ministro na narito, at ang bawat miyembro ng kahit aling iglesya, ito ma'y Protestante, Katoliko, Orthodox man, Judio, anupaman. Kami nga'y nagagalak sa inyong pagparito, at gusto naming ipaalam na di kami naglalagay ng anumang tali o nagtatali sa alinmang relihiyon ng kahit sino. Anuman ang pinaniniwalaan n'yo, basta nananampalataya kayo sa Panginoong Jesus Cristo,

at Siya ang inyong Tagapagligtas, kayo'y kapatid na lalaki't kapatid na babae ko. At, kaya, 'yan nga ang paniniwala natin.

³³ At ngayon narito sa ating harapan ngayon ang Kanyang pinagpalang Salita. Ngayon, kahit sinong tao na kaya niyang—kaya niyang buklatin 'yun ng kanyang daliri, ay magagawa nga niyang buklatin ito nang *paganitong* direksyon. [Binubuklat ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia—Pat.] Pero wala pong kahit sinong tao ang makapag bubukas ng Aklat, na ito nga'y mauunawaan, maliban kay Cristo Mismo. Ang Biblia'y isinulat sa pamamagitan ng inspirasyon. Kung kaya naman, maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali, para makipag-usap sa May-akda, bago natin buklatin ang Kanyang Aklat.

³⁴ Mabuti naming, Makalangit na Ama, kami'y nagkatipon sa dakong ito sa pangalan ng Kanyang minamahal na Anak, ang Panginoong Jesus, Na namatay nang walang bayad para sa aming mga pagkakasala't pagsalangsang. Namatay Siya para kami'y Kanyang mailigtas sa pamumuhay na ito sa kasalanan, at dalhin kami sa Tahanan sa Kalangitan, isa sa maluwalhating araw na ito ng Kanyang Pagdating. Siya'y namatay, rin, nang sa gayon sa Kanyang mga latay ay mapagaling kami sa aming mga sakit. "At Siya'y nasugatan dahil sa aming pagsalangsang. Siya'y nabugbog dahil sa aming kasamaan. Ang parusa ukol sa aming kapayapaan ay nasa Kanya. At sa Kanyang mga latay ay kami'y nagsigaling," ang sabi ng propeta.

³⁵ Ngayon, idinadalangin namin sa Iyo, Makalangit na Ama, na mahabag sa amin, at sa amin pong isang gabi ng pagtitipon sa dakong ito ng siyudad na ito. Dalangin namin na Iyo silang pagpalain na mga tumulong na maging posible ang pagtitipon na ito, at maging sila na nagkatipon kasama namin, para maki-isa sa palibot ng Salita. At dalangin po namin, Ama, na Iyong pagpalain ang bawat isang narito sa Makalangit na Presensya, siyanga rin. At ang gabing ito'y maging gabi nawa na matagal na maaalala. Ang gabing ito'y maging gabi na kagaya ng mga pagtitipon noon ng mga apostol nung unang panahon, na ang mga tao noon ay nagkakatipong magkakasama, sa mumunting mga grupo.

³⁶ Isang gabi nung si San Pablo ay nangangaral noon isang gabi, isang binata, gaya ng itinuro sa amin, ang nahulog mula sa itaas na palapag, at ang buhay niya'y kinuha sa kanya. At ipinatong ni Pablo ang kanyang katawan sa kabataang lalaking ito, at ibinalik ng Diyos ang buhay ng binatang ito.

³⁷ Lubos ang aming pasasalamat na nasa amin ang siya ring Ebanghelyong 'yun, ngayong gabi, para ipangaral sa mga tao, na ang Diyos ay nananatiling buhay at naghahari. Pinagagaling Niya ang mga maysakit. Pinatatawad Niya ang lahat ng mga pagkakasala namin. At, Ama, dalangin namin, sa gabing ito, na Iyo pong pagpalain kami bilang isang bayan.

³⁸ At, ngayon, gaya ng Iyo pong sinalita sa Iyong payak na Salita, na ito, “Kung hihilingin ninyo sa Ama ang anumang sa Aking Pangalan, gagawin Ko.” At naniniwala kami na anumang aming hilingin, ay matatanggap namin, dahil ito’y batay sa Kanyang Salita mismo.

³⁹ At sa paglisan po namin sa dako rito, ngayong gabi, sa iba’t iba naming mga grupo, na uuwi kami sa sari-saili naming mga tahanan, Iyo pong dalawin kami sa paraan, na magkakamit kami ng patotoo sa aming puso; at ang aming bukambibig, sa paglisan namin sa dako rito, ay maging gaya dun sa mga lalaki na mga taga-Emaus na pinag-uusapan ang unang pagkabuhay na mag-uli, nung makatagpo nila mismo ang nabuhay na mag-uling Panginoong Jesus sa unang pagkakataon. Ang sabi nila, “Hindi baga’t ang mga puso nati’y nag-alab, nung nakikipag-usap Siya sa atin sa daan?” Nawa’y makipag-usap Ka po sa bawat puso ngayong gabi, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Iyong sinisintang Anak, ang Panginoong Jesus. Amen.

⁴⁰ Bumuklat po tayo sa Ebanghelyo ni Saint Jude, sa Biblia, na isang aklat lamang, isang kabanata. At sa ika-3 talata ng kabanatang ito, nais ko pong magbasa para sa kaunting teksto, na pagkukunan natin ng konteksto, na nais kong ipangusap sa susunod na ilang sandali. Pagkatapos ay mananalangin na tayo para sa mga maysakit.

Mga minamahal, . . . ako’y totoong nagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, ay napilitan akong sumulat sa inyo, at ang aralan kayo na makipaglabang masikap dahil sa pananampalataya . . . na minsanang ibinigay sa mga banal.

⁴¹ At nawa’y idagdag ng Panginoon ang mga pagpapala Niya sa Kanyang Salita. Ito’y isinulat nang mga tatlung taon na ang nakalilipas pagkatapos ng Araw ng Pentecostes, pagkatapos ng pagbubuhos na ’yun ng Espiritu Santo sa mga banal nung sinaunang panahon. Ang pagpapakilala ni Jude sa kanyang sarili ay isang lingkod, isang kapatid, ni Jesus Cristo. At isinulat Niya ang Aklat na ito sa Iglesia, at sinabi sa kanila na sila’y makipaglabang masikap. Ang tanging dako lamang, sa mga banal na Kasulatan, na ang bilin sa ati’y “makipaglaban.” Dahil, hindi nga dapat tayo nagkakaroon ng pakikipaglaban sa isa’t isa. “Subalit ang makipaglabang masikap para sa isang layunin, sa isang Pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal.” At, hetong, di ibig sabihin nun ay makipaglaban tayo, at di natin sinisikap na makipaglaban, pero heto nga na inaasam natin na kaharapin ito.

⁴² Kung magtatanong ako, ngayong gabi, “Ilan sa mga narito ang mga Methodist? Ilan sa mga narito ang Baptist? Ilan ang mga Nazarene? Pilgrim Holiness? Katoliko?” May mga kamay nga na magsisitaas. At maging sa kakaunting grupo ng mga tao

ngayon dito, sa gabing ito, marami pa rin ang magsisipagtaas ng kanilang mga kamay. At ang bawat isa sa atin, sa iba't ibang denominasyon natin, hangad natin na sabihin na ang iglesya natin ay nakikipaglaban para sa Pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal. Masasabi ko 'yan para sa iglesyang Baptist, at may magsasabi ng ganyan para naman sa iglesyang Methodist, mayroon din maging para sa iglesyang Katoliko, at may ilan para sa . . . Ganoon nga ito na magsasabi sila pare-pareho sa mumunti nilang mga grupo. Ngayon, gusto kong maniwala na lahat naman tayo'y nakikipaglaban para sa Pananampalataya na 'yan. Naniniwala ako na bawat isa naman ay nakikipaglaban para rito, sa abot ng kanilang pang-unawa, sa Pananampalataya na 'yan.

⁴³ Pero, hayan nga rito, na sa pag-oobserba sa maraming iba't ibang mga denominasyon na ito, may tama talaga at may mali rin. Ngayon, 'yan nga ang sinisikap ko, mga kapatid na lalaki't, mga kapatid na babae, na may . . . Hindi ka nga makakakita ng isang taong lasing at di siya lasing nang sabay na oras. Di ka makakakita ng itim na puting ibon. Walang ganoon. At walang tama at maling magkahalo't magkalakip. Alinman ito sa tama ito o mali ito.

⁴⁴ At ganyan nga ang pagsampalataya ko sa Diyos. Kung di ako maniniwala na Siya ay 'yung siya ring Diyos na nabuhay dun sa panahon ni Moises, na hindi Siya ang siya ring Diyos na tutupad sa bawat pangako na Kanyang binitawan, kung ganun ay di nga ako magkakaroon ng pananampalataya na tanggapin Siya. Ngayon, isa 'yung . . . Makabuluhan at makatwiran lang, na isipin ang ganoon.

Na ano bang mabuting maidudulot nito sa atin sa gabing ito . . .

⁴⁵ Hindi nga kayo napunta rito para makita lang. Hindi nga kayo susuong sa ulan at makikipagtipon sa munting dako na katulad dito, para lang magpakita. Naparito po kayo para sa isang layunin, ang makasumpong ng isang bagay na kaluguran. At idinadalangin ko na ipagkakaloob ng Diyos sa bawat isa sa inyo ang bagay na ito na tunay na ikalulugod na hinding-hindi n'yo makakalimutan. At bawat isa sa inyo na mga Cristiano, Kanya nawang payabungin ang inyong kagalakan sa Kanya, na magbubunsod sa inyo na paglingkuran pa Siyang maigi nang higit sa ipinaglingkod n'yo na sa Kanya sa buong buhay n'yo.

⁴⁶ Ngayon, anong mabuting maidudulot nito na paglingkuran ang isang Diyos na pinaglingkuran ni Moises . . . ang Diyos na pinaglingkuran ni Moises, at kung hindi nga Siya ang siya ring Diyos ngayon? Anong mabuting maidudulot ng paglilingkod sa isang Diyos ng tapos nang kasaysayan, kung di na Siya . . . kung Siya'y wala nang kapangyarihan, at lumipas na't, patay na ngayon? Gusto kong itanong sa inyo ang katanungan na 'yan.

Hindi n'yo nga aasamin na gawin 'yun, maging ako'y hindi rin. Kung hindi lang din ako makakapaglingkod sa isang Diyos na buhay at sadyang narito mismong buhay, para tulungan ako sa panahon ng pangangailangan ko, kung ganun anong silbi ng paglilingkod sa Diyos?

⁴⁷ Kung Siya'y Diyos noon, tapos hindi naman Siya Diyos ngayon; o kung Siya'y Diyos ng kapangyarihan noon, tapos nawaglit Niya ang kapangyarihan Niya ngayon, kung ganoon may kung anong bagay nga na humihina sa Diyos na ganoon. Di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon gusto nga nating lahat nung makatwiran. May kung anong bagay kasi na mali kung hindi na Siya ganoon ngayon. Kung Siya'y ganoon noon, at di na Siya ganoon ngayon, kung ganoon may kung anong mali sa Diyos. Kung yaong . . . Kung ang Diyos ay—ay dakila't, makapangyarihang manlulupig sa labanan, at Siya'y dakilang tagapagpagaling ng iba't ibang karamdaman, at Siya'y pawang dakila sa lahat ng Kanyang mga katangian, nung panahong nagdaan, at pagkatapos ay nawaglit Niya ang lahat ng kapangyarihan Niya't, di na Siya ganoon ngayon?

⁴⁸ Pero, sinasabi ng Kanyang Salita na Siya'y siya pa rin ngayon, ipinangako na Kanyang gagawin ang siya ring mga bagay na 'yun sa lahat ng mga kapanahunan, hanggang sa Siya ay magbalik. Di 'yun mapasusubalian, sa Biblia. Mga Hebreo, ikatat- . . . 8:13, o 13:8, pala, haya't sinasabi 'yan na, "Si Jesus Cristo ay siya rin noon, ngayon at magpakailanman." Ibig sabihi'y, pareho pa rin sa prinsipyo, pareho pa rin sa kapangyarihan, pareho pa rin sa pagkabuhay na mag-uli, pareho pa rin sa pagiging makapangyarihan, pareho pa rin sa pagiging nasa lahat ng dako, pareho pa rin sa—sa—sa lahat-lahat. Siya nga'y—Siya nga'y siya pa rin kung papaanong ganoon Siya dati. At ang lahat ng pagiging Siya noon, ay Siya pa rin ngayon. Sinasabi ng Kasulatan na totoo 'yan. Lahat ng mga bagay patungkol sa Kanya ay pareho pa rin. Ngayon, kaya kung ating . . .

⁴⁹ Bawat isa'y may pagnanais na paniwalaan 'yan, pero heto nga't nililimitahan nila Siya sa kung anong kredo. Buweno, sasabihin nila, "Kaanib ako sa iglesyang Baptist," Baptist po ang inihalimbawa ko, dahil 'yun po ang iglesya kung saan ako naordenahan dati. Sasabihin, "Ako . . ." Buweno, sasabihin ng mga Baptist, "Buweno, tama ang kredo namin." Gusto ring igiit ng mga Methodist na 'yung kredo naman nila ang tama. Pero kung lilimitahan natin ang Diyos . . . Yang kredong 'yan, wala po akong anumang laban diyan. Ayos lang po 'yan. Pero kung lilimitahan natin ang Diyos sa kredong 'yan, kung ganoon nililimitahan natin ang Diyos, at para bang sinasabi natin na hanggang sa *ganito* lang ang ilalakad mo.

⁵⁰ Marahil wala tayong ganyang uri ng pananampalataya na makapaglakad gaya ng ginawa ni Enoc, nung siya'y lumakad

sa munti niyang paglalakad kasama ang Diyos, isang hapon, at umuwi sa Tahanan kasama Siya, nang di namamatay. At—at maging 'yung kay Josue, na nagmartsa sa palibot ng mga pader ng Jerico, nang labingtatlong beses, at—at sumigaw nang ganun na lamang kalakas na haya't ang mga pader ay nagsibagsakan. Marahil wala nga tayong ganyang klaseng pananampalataya na sumigaw na babagsak ang mga pader, marahil wala tayo nitong pananampalataya na lumakad patungo sa Tahanan kasama ang Diyos, pero huwag nga tayong humambalang sa daraanan ng mga taong ito na may ganyan ngang pananampalataya. Kung—kung di ito sumasang-ayon sa inyong kredo, at ang mga taong ito'y may pananampalataya, tayo'y tumabi at sumampalataya nga, sabihin, “Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid ko.” At sige tumabi lang, anumang iglesya siya kabilang. Di nga mahalaga, basta't isa siyang Cristiano at mananampalataya. At, alam n'yo ba, kaibigang Cristiano, 'yan nga ang inaasam na makita ng mundo, ngayon!

⁵¹ Lumapag ako noon sa Bombay, India, kung saan 'yun na ang pinakamalaki kong kalipunan ng mga tao, na limang daang libo ang taong nagpunta. Pinakamalaking kalipunan ng mga tao na napangaralan ko, nang minsanan, sa buong buhay ko, ay dito nga sa Bombay. Nung bumisita nga ako roon, heto nga ang obispo ng iglesyang Methodist, at marami sa mga kilalang mga simbahan dun. May dumating pa ngang arsobispo, ng Hindu, ng simbahan ng Hindu dun, at marami pang ibang kilalang mga natatanyag na mga simbahan dun. Sinalubong nga nila ako dun kung saan libo-libong tao ang nagpunta sa paliparan. At nung magpunta sila, at pinahimpil nila ako sa Taj Mahal Hotel, at nagkatipon sila sa isang silid na tulad nito, na nandun ang lahat ng mga sikat sa siyudad na 'yun, at ang mga rajah at lahat na.

⁵² At 'yung obispo ng iglesyang Methodist, ang sabi niya, “Kapatid na Branham, di ka namin tinatanggap bilang isang misyonero,” ang sabi niya, “dahil ayaw naming marinig 'yang salitang 'yan na 'misyonero.’” Sabi, “Dahil, kayo na mga taga-Kanluran, sa inyong pang-Kanlurang edukasyon, di n'yo nga naiintindihan ang Kasulatan sa kuha rito bilang silanganin na aklat.” At totoo naman 'yun.

⁵³ Pagsama-samahin man itong lahat nating teolohiya, haya't kung kayo'y magpupunta sa Jerusalem, o sa Silanganing bansa, kung saan naisulat ang Biblia na ito, Ito'y magiging bagong-bagong Aklat sa inyo. Ang Kanluranin nating kaisipan ay malayong iba sa pamamaraan ng Silanganin. Hindi n'yo, di n'yo mauunawaan ang mga parabula, at iba pa, ang katuruan, maliban na magpunta kayo mismo dun at masaksihan mismo ang siya ring mga kostumbre na ipamuhay ngayon.

⁵⁴ At marami ang nagpapadala... Wala po akong anumang laban sa mga seminaryo, at mga estudyante't, mga monasteryo, at iba pa. Pero, lakipin mang lahat 'yan, di nila makikilala ang

Diyos. Ang malalaman lang dun ay katesismo, at kung anu-ano pang, kagaya nun.

⁵⁵ Ang pagkilala sa Diyos, ay ang makilala ang Persona, na si Cristo, Mismo. “At ang makilala Siya ay Buhay.” Hindi nga sa kabisado mo ang libro mo ng mga teksto, o kabisado mo ’yang kreda mo, o kabisadong-kabisado mo ang katesismo mo; di ’yan ang Buhay. Ang makilala si Cristo, ang Persona, ay ang Buhay na Walang Hanggan. At ’yan ang inaasam natin na malaman.

⁵⁶ Ngayon, ang sabi ng obispong ito sa akin, sabi niya, “Rev. Branham, ng teolohiya,” sabi, “taglay na namin itong Biblia na ito, isang libo’t pitong daang taon bago pa kayo naging isang bansa.” Tama ’yun.

⁵⁷ Nagtungo nga roon si San Tomas. At tumayo ako roon sa simbahang ’yun at nangaral kung saan nagtungo si San Tomas, sa orihinal na simbahan dun, na kanyang itinayo sa India, nung nagtungo siya roon mula sa Jerusalem, papuntang India, at itinayo ang simbahang ’yun.

⁵⁸ At sabi niya, “Nasa amin na itong Biblia magmula pa noon hanggang sa araw na ito, at narito na ang Cristianismo sa amin magmula pa noon, pero,” sabi, “matumal ang paglaganap nito sa India.” At ang sabi niya, “Nakabalita kami galing kay Dr. Reidhead, ’yung lalaking bumisita sa iyo.”

⁵⁹ Na ang lalaking ito ay—ay presidente ng kilalang Sudan Missions, kilala sa buong mundo, na bumisita noon sa akin. At sabi niya, “Kapatid na Branham,” sabi, “Napakarami kong digri na matatakpan ko nga ang isang buong dingding ng mga digring ito; Doktor ng Teolohiya, may Dok- . . . mayroong—mayroong Batsilyer din na digri, at lahat ng sari-saring digri.” Sabi, “Nasa walong taong gulang pa lang ako ay nag-aaral na ako. Pero,” ang sabi niya, “Kapatid na Branham, nasaan si Cristo sa kabila ng lahat ng ito?” Sabi niya, “Nagkamali ba ang mga tagapagturo?”

⁶⁰ Sabi ko, “Di naman po nagkamali ang mga tagapagturo, ginoo. Pero, kung bakit nga ganito, ay dahil hinding-hindi mo nga makikilala si Cristo sa pamamagitan ng teolohiya. Di mo makikilala si Cristo sa pamamagitan ng edukasyon. Makikilala mo lamang si Cristo sa pamamagitan ng personal na karanasan, na ika’y maipanganak na muli sa Kanyang Espiritu, na bababa at babaguhin ang iyong buhay at ipagiging bago kang nilalang kay Cristo Jesus. Yun mismo ang pinagkaiba nito.” Yun mismo ang magbubunsod ng pagbabago sa iyo.

⁶¹ Ngayon, ’yan ang dahilan na anupa’t napaka rami nating iba’t ibang mga denominasyon at mga teorya. Ayos lang naman ang mga ’yan.

⁶² Pero, ang tunay na bagay, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ang sabi (sa San Juan, sa Ebanghelyo ni San Juan, sa ika-4 na kabanata; o sa ika-3 kabanata, pasensya na po), kay Nicodemo, “Maliban na ang tao ay maipanganak na muli, sa

tubig at Espiritu, hindi siya sa anumang paraan makapapasok sa Kaharian,” kahit na ano pang iglesya ang pinupuntahan mo. Yan Mismo ang mga Salita ni Jesus Cristo.

⁶³ Ngayon, ang *maipanganak*, ibig sabihin ay “mailuwal mula sa.” Ngayon, maliban na kayo ay mailuwal sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa iyong Buhay, tungo sa bagong Buhay kay Cristo, hayan nga’t ang ating mga kredo’t mga bagay-bagay ay walang mabuting maidudulot. Haya’t mainam naman ang mga ’yan, ayos lang naman ang mga ’yan, ang mga ’yan ay mga pagtuturo kung papaano maging mabuti, at kung ano pa, na nakatutulong sa atin. Pero, ang tunay nga, ay ang personal na Cristo Jesus!

⁶⁴ At ’yan ang nagbunsod sa mga pagtitipon na maging kung ano na ito ngayon, at lumaganap sa buong mundo, ay dahil nga, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na ipakilala, sa malaki man o maliit na kalipunan ng mga tao, ang nabuhay na maguling Panginoong Jesus dito sa panahon ngayon, kasalukuyang panahon mismo, sa Kanyang parehong kapangyarihan na kung papaano Siya noon. Di nga natin kailangang magbaka-sakali pa rito.

⁶⁵ Sabi niya, “Kapatid na Branham, narito sa amin ang Salita. Narito sa amin ang Biblia,” sabi nung obispo, sa India. “Pero,” sabi, “ang gusto naming malaman, ay hindi ang teolohiya mo.” Sabi, “Ang gusto naming malaman: kayo ba na mga Yankee’y dinalaw nga ba kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu o ng kaloob na magagawang bigyang-buhay ang Bibliang ito uli?” Sabi, “Alam nga namin ang Biblia.” At sabi . . .

⁶⁶ Sabi ko, “Buweno, ikaw na mismo ang nagsabi na di natin Ito sadyang nalalaman. Pero, hayan nga’t di ko Ito ganoong kaalam, pero nakikilala ko ang May-akda Nito maigi.” At sabi ko, “Yun naman ang mahalaga.”

⁶⁷ Sabi niya, “Yan nga ang hinahangad naming malaman. Na kung ikaw nga’y may sapat na pananampalataya sa Diyos, na ibunsod itong mga Makalangit na mga pangako na ipinangako Niya,” sabi, “may sapat na pananampalataya ka ba na gawing realidad ang mga ito?”

Sabi ko, “Sa biyaya ng Diyos, loloobin ng Diyos.”

⁶⁸ At nung hapong ’yun, haya’t nakipagtalakayan sa akin ang labimpitong iba’t ibang mga relihiyon na hindi naniniwala sa Cristianismo. Ang ilan sa kanila ay sumasamba sa niknik, at ang iba sa kabayo, ang iba sa baka, ang iba kay Buddha, at may mga Mohammedan, at iba pa. At lahat sila’y may kanya-kanya silang mga teolohiya. Mabuti naman, lahat kasi’y gawa, kung anu-ano ngang dapat mong gawin. “Gawin mo *ito*. Gawin mo *iyon*.” Lahat ay nakabatay sa mga gawa; walang biyaya dun, maski katiting.

⁶⁹ Masyado po bang napapalakas ang boses ko sa inyo? May—may kaunting alingawngaw. Sana’y di naman ako—di naman ako masyadong nakakabulahaw.

⁷⁰ Pero, pansinin n’yo nga, nung gabing ’yun sa pila para sa pananalangin, nung ang Panginoong Jesus ay dumating sa eksena: Nakaupo nga dun ang mga rajah sa kanilang mga unan, at kung ano pa. At aabutin ng dalawang oras, para makapunta dun sa pila paakyat, hanggang sa makarating sa kinatatayuan nung nagsasalita. At nung sandali na ’yun na ang Panginoong Jesus ay dumating at sinabi sa isang lalaki, na ganap na bulag nang magdadalawampung taon na; nakita ko nga ang pangitain sa ibabaw niya, at nalaman ko na ang lalaking ito ay gagaling, hinamon ko ang bawat isa sa kanila na naroon, na lumapit dun at pagalingin ang lalaking ito. Haya’t, hindi sila nakakibo sa pinagkakaupuan nila. Pero pinagkalooban nga ng Panginoon nating Jesus ang lalaking ito ng kanyang paningin. Ilang libong makalibo’t ilang libo ang nagsilapit kay Cristo nang minsanan. Hayan nga ito.

⁷¹ Wala nga ito sa kung ’yang mga kredo ba natin ay may pakinabang na maidudulot. Ang mga ’yan ay may pakinabang naman pagdating sa mabuting pamumuhay. Pero ang muling maibunsod ang Panginoong Jesus at ang Kanyang pangako, ay ang makilala Siya, hindi ang inyong kredo.

⁷² Ngayon, dumako na tayo agad sa ating teksto, at sisikapin ko na bilisan ito sa abot ng makakaya ko; at simulan na ang pila agad-agad, dahil kalagitnaan ngayon ng sanlinggo, at kayo na mga narito ay may trabaho pa. Ngayon, at pakinggan n’yo po itong maigi. Ang sabi ng teksto, ngayong gabi:

Mga minamahal, . . . ako’y totoong nagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, . . .

⁷³ Heto nga si Saint Jude, ngayon, na sumusulat sa Iglesya, tatlumpu’t tatlong taon pagkatapos ng Pentecostes.

. . . at pinapayuhan kayo na makipaglabang masikap dahil sa pananampalataya (hindi sa kung anong pananampalataya; kundi sa pananampalataya) na minsanang ibinigay sa mga banal.

⁷⁴ Ngayon, ang bawat isa sa atin, sa ating mga iglesya, ’yang mga ’yan ay mainam naman. At—at hangad ko na manatili kayo sa inyong iglesya at suportahan ang inyong iglesya, at itaguyod ito sa kaluwalhatian ng Diyos.

⁷⁵ Pero ngayon tugaygayin nga natin pabalik at tingnan natin. Ngayon, may kung anong paraan nga, kung ating. . . Sabi niya, “Ikipaglabang masikap ang Pananampalataya na minsanang ibinigay sa banal,” kung ganoon siguradong may kung anong paraan nga para malaman kung ano “ang Pananampalatayang” ito mismo. Ngayon sumangguni tayo sa Biblia. Sa palagay ko’y makatwiran, at sapat na patunay na ’yan para sa ating lahat,

kung tutugaygay tayo pabalik at titingnan kung ano itong nasa mga banal . . .kung anong—anong klaseng Pananampalataya ang taglay nila. At kung tayo’y “pinayuhan na makipaglabang mainam para sa Pananampalatayang ito,” marapat lamang na alamin natin kung anong Pananampalataya ito na taglay nila, para magawa nating makipaglaban para sa Pananampalataya na ’yan. Sa madaling sabi, ’yung masabi ba na, “*Ito ang tama.*” Ngayon tutuklasin natin kung ano ito.

⁷⁶ Bago sila tinawag na mga banal, sa Biblia, sila ay . . .Sa Bagong Tipan, si Juan Bautista ay dumating sa kalagitnaan ng kautusan at ni Cristo, na isang puwang, o panggitnang bato na nagpapanatiling humahawak sa dalawang dispensasyon na ito na magdugtong.

⁷⁷ Ngayon, kinakailangan nga nating magsimula kay Cristo, kung ang pag-uusapan natin ay tungkol sa Pananampalatayang Cristiano, dahil Siya ang—ang simula ng Pananampalatayang Cristiano.

⁷⁸ Dumating si Juan, si Juan Bautista, nangaral sa ilang ng Judea, at ni minsan ay di siya nagpamalas ni isa mang himala, di siya nagpakita ng anumang tanda. Ang ginawa lang niya ay sawayin ang mga kaiglesyahan, at sawayin ang mga saserdote at ang mga rabi, at iba pa. At sinabi sa kanila na may Isa na parating.

⁷⁹ At sa gawain ng pagbabautismo, nung nagbabautismo siya, natanaw niya si Jesus na dumarating na may Liwanag na nakalakup sa Kanya. At ang sabi niya, “Narito ang Cordero ng Diyos, na mag-aalis ng kasalanan ng mundo.”

⁸⁰ At si Jesus ay nabautismuhan. Lumabas ang Espiritu Santo mula sa Langit. At may Tinig na nagsabi Nito, na ang sinasabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong kinalulugdan na panahanan.” Ang sinasabi pa nga sa orihinal na salin, “Na Siya Kong kinalulugdan na panahanan.”

⁸¹ Na, “Ang Diyos kay Cristo, pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya.” Siya ang Diyos sa laman.

⁸² Ngayon, ngayon pansinin natin kung anong klaseng buhay ang ipinamuhay Niya. At nais ko pong tanungin kayo ng isang bagay, kayo na mga narito, habang nangungusap tayo. Kung ano Siya noon, ay nararapat lamang na Siya ngayon. Kung ’yun ang Pananampalataya na Kanyang ipinakilala sa mundo, ay marapat lamang na ’yun ang Pananampalataya na dapat nating ipakipaglaban sa mismong gabing ito. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tama. Marapat lamang. Sige.

⁸³ Ngayon, pansinin natin, dun sa simula’t simula pa lang ng Kanyang pagmimistryo. Masdan natin kung anong klaseng pagmi-ministryo ang Kanyang ginawa roon. Simulan natin sa unang kabanata ng San Lucas, babanggitin natin ito sa abot ng aking naaalala. Puwede n’yong basahin ’yan kung gusto n’yo.

Sa San Lucas, unang kabanata, itinuturo dun na si Jesus ay nagpapasimula, na gumawa ng mabuti para sa mga tao. Siya'y nananalangin para sa mga maysakit, at sila'y nagsisigaling. Ngayon, isa nga 'yan sa mga bagay na Kanyang ginawa, ang manalangin para sa mga maysakit. At isang araw . . .

⁸⁴ Ngayon, pakinggan n'yo pong maigi, dahil ito'y . . . Kung di n'yo ito pakikinggang maigi, para saluhin ang bawat salita, magiging katitisan pang bato ito sa inyo, sa mga susunod na dalawampu o tatlung minuto, kapag sinimulan na ang pila para sa pananalangin. Kita n'yo? Ngayon pakinggan n'yo itong maigi.

⁸⁵ Ang unang bagay na nakita natin na ginawa ni Jesus, matapos na piliin Niya ang dalawa o tatlo sa Kanyang mga alagad . . .

⁸⁶ At ang isa sa kanila ay ang pangalan ay—ay Felipe. At si Felipe po ay isang mabuting tao, si San Felipe. At nung makita niya at malaman na 'yun na ang Mesiyas, dahil nakita niya na Siya'y nananalangin para sa mga tao't sila'y gumagaling, siya'y bumagtas paikot, nang tatlung milya, sa palibot ng mga bundok doon sa Judea, at pinuntahan niya ang kaibigan niya na ang pangalan naman ay Natanael. At si Natanael ay nasa ilalim noon ng isang puno, nananalangin. At sabi niya, “Halika, tingnan mo itong nasumpungan ko: si Jesus na taga-Nazaret, na anak ni Jose.”

⁸⁷ At ang sabi niya, “May kung anong bagay ba na mabuti na manggagaling sa Nazaret?” Sabi ni Natanael.

Sabi niya, “Halika, tingnan mo.”

⁸⁸ Ngayon, sa palagay ko 'yan ang pinaka magandang sagot na maibigay ng kahit sinong tao sa anumang pagkakataon; ay ang, bago punahin ang isang bagay, pumunta't tingnan, muna. Saksihan ito mismo, sa sarili mo. Dumako sa liwanag ng Biblia, at tingnan kung tama ba ito.

⁸⁹ Kahit ano pa marahil ito, o anuman ang sabihin ng iba, ang relihiyon nga ni Jesus Cristo ay di kailanman naging popular. At hindig-hindi Ito magiging popular, dahil alam ng mundo kung sinu-sino ang sa kanya. Kita n'yo? At kayo'y hindi nga sa mundong ito, nung kayo'y naging isang Cristiano. Isa ka nang ibang tao, sa sanlibutan. Alam natin 'yan. Sinabi ni Jesus, “Dalangin Ko, Ama, na sila'y di mapasa sanlibutan.” Kaya, di kayo ibinibilang sa sanlibutang ito. Ang sanlibutan . . .

⁹⁰ Sinabi ng Biblia, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay sa sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala ryan sa inyo.” Yan, 'yan mismo ang sinasabi ng Kasulatan.

⁹¹ Kaya, “Hindi ninyo magagawang umibig sa dalawang panginoon,” Sinabi ni Jesus, “Hindi ninyo magagawang ibigin ang Diyos at ang kayamanan.” Ang salitang *kayamanan*, kung

isasalin, ang ibig sabihin ay “ang sanlibutan.” At sabi Niya, “Alinman sa paglingkuran ninyo ang isa, at kamuhian ang isa,” o baligtaran naman. Sinabi ’yan ni Jesus sa San Mateo, sa ika-5 kabanata. Hindi magagawang paglingkuran ang Diyos at ang sanlibutan, nang sabay. Mangyari ngang ’yung isa o dili kaya naman ’yung isa.

⁹² At mahabag ang Diyos! Yan ang problema sa mga tao natin ngayon, na tinatawag na Cristiano dito sa—dito sa bansang ito. Sila’y nagsisipamuhay na katulad ng sanlibutan, at sinasabi-sabi naman na sila’y mga Cristiano. At ’yan ang dahilan kung bakit ang isang di mananampalataya, sa labas, ay napakahirap niyang magdesisyon sa kanyang isip, ay dahil nakikita niya ang mga taong ito na tinatawag nila ang kanilang sarili na mga Cristiano, na ang pamumuhay ay wala namang pinag-iba sa iba pa na nasa sanlibutan. Masyadong diretsahan ’yan, pero ’yan ang totoo. Kinakailangan nating harapin ang katotohanan.

⁹³ Marahil may mga lalaki’t babaing nakaupo rito, na di ko na makikita uli hanggang sa makita ko kayo sa Paghatol. At ako—ako’y nagpapakatotoo lang at tapat, dahil haharap at haharap ako sa Paghatol at ihaharap sa akin ang mga sinalita ko uli sa Paghatol, kaya kinakailangan kong maging totoo dito.

⁹⁴ Ngayon, napansin natin na si—na si Felipe, nung mismong sandaling ’yun na nakita niya roon si Natanael, ang sabi niya, “Halika, tingnan mo itong Siya na natagpuan ko.”

⁹⁵ At si Natanael, yamang isa siyang matuwid na tao, isang mabuting tao, ang sabi niya, “May kung anong bagay ba na mabuti na manggagaling sa Nazaret?” Ang Nazaret ay isang hamak, na masamang bayan kasi, sukdulan ng sama; itong mga tulisan, mandarambong, at kung anu-ano pa, sa dakong ’yun sila nanggagaling. At—at may mga pangkat ng tulisan, nung mga panahong ’yun, na sa Nazaret nanggagaling, sadya ngang sukdulan ng sama na bayan. Ang sabi niya, “May kung anong bagay ba na mabuti na manggagaling sa Nazaret?”

Sabi niya, “Halika’t tingnan mo.”

⁹⁶ Ngayon marahil itatanong n’yo ngayon, “May kung anong bagay bang mabuti na manggagaling sa iglesyang Methodist? May kung anong bagay bang mabuti na manggagaling sa iglesyang Baptist, Presbyterian, o anumang iglesya riyan?” Ang unang bagay na dapat gawin ay magpunta’t tingnan. Alamin.

⁹⁷ Ngayon suriin n’yo ito, hindi sa pamamagitan ng inyong rituwal, hindi sa pamamagitan ng inyong katesismo, hindi sa kung anong . . . Suriin n’yo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

⁹⁸ Dahil, sinabi ng Biblia, na, “Sinumang mag-aalis, o magdadagdag, ng kung ano sa Aklat na ito, ay aalisin ng Diyos ang kanyang pangalan sa Aklat ng Buhay.” Apocalipsis, ika-21 kabanata, ang sabi dun ay Kanya ’yung gagawin; o, sa ika-22 kabanata, po pala, ng huling aklat ng Biblia. Ang sabi niya,

“Kung ang sinuman . . .” Ang Diyos Mismo ito, na nagsasalita sa nagsulat, ang sabi, “Sinuman na magdagdag ng isang salita sa Aklat na ito, o mag-alis ng isang salita mula Rito, ang Diyos ay aalisin ang pangalan ng sinumang ito mula roon sa Aklat ng Buhay. At ang sinumang ito ay pupuksain.” Kaya marapat lamang na manatili tayo nang eksakto sa kung ano ang sinasabi ng mga Kasulatan.

⁹⁹ Ngayon, nung masumpungan niya si Natanael, haya’t ang sabi niya—sabi niya. “Halika, tingnan mo,” kaya sumunod siya sa kanya.

¹⁰⁰ Ngayon tingnan nga natin kung anong klaseng tao si Jesus. Ngayon, kung naghahangad tayo na matagpuan natin si Jesus ngayong gabi, kung pupunta tayo . . . Kung may magsasabi sa atin na si Jesus Cristo ay narito sa Georgetown, Indiana, ano kayang . . . at Siya’y nasa katawang tao katulad natin, ngayong gabi, ano kayang klaseng tao ang matatagpuan natin? Ngayon, medyo nakakagulat ito.

¹⁰¹ Haya’t, pupunta ba tayo para hanapin ang isang tao na ang pananamit ay iba sa pananamit ng iba pang tao? Hindi natin makikita si Jesus, o di natin Siya matatagpuan, dahil Siya’y nananamit na gaya ng iba pang tao. Walang iba sa Kanyang pananamit.

¹⁰² Ang ipupunta ba natin ay ang makasumpong tayo ng mga kalalakihan na—na sadyang malakas ang dating ng pananalita? Malakas ang dating kapag nagsalita? Hindi. Ang sabi pa nga ng Biblia, “Ang Tinig Niya ay di man lang marinig sa kalsada.”

¹⁰³ Ang ipupunta ba natin ay ang masumpungan ang isang tao na—na talagang sukdulan na mapagmalaki sa malaki niyang simbahan at kung *ano*? Hindi, po. Iba ang sinasabi ng Biblia patungkol sa Kanya. Sabi, “Isa Siyang Tao sa kapanglawan, at—at bihasa sa dalamhati.” Hindi Siya isang sige-ang-bida, o sige-ang-pagyayabang. Isa Siyang mapagpakumbabang Tao. At ganoon nga Siya. At iniwan Niya . . .

¹⁰⁴ Matatagpuan ba natin siya sa piling ng mayayamang tao? Di nga Siya naglulumagi kasama ang mayayamang tao. Saan nila siya matatagpuan? Matatagpuan n’yo Siya sa piling ng mahihirap. Doon nga Siya sa ilog nagpunta’t nakasumpong dun ng mga mangingisda.

¹⁰⁵ Isipin n’yo na lang ang bantog na iglesyang Orthodox, na heto ang mahuhusay nilang mga saserdote’t punong saserdote, at ang higit nilang kabantugan at karangalan, nung panahong ’yun. At ni minsan ay wala ni isa mang alagad o isa mang tao ng Diyos ang bumisita dun, o tumanggap dun. Nung isugo ng Diyos ang Kanyang Anak, isinugo Niya Siya palayo roon. At mariin Niyang sinabi sa kanila na sila’y naglulumagi lang sa pagbabalat-kayo, at sinabi sa kanila kung gaanong kasama sila, at lahat na. At ang sabi nila, na, “Siya’y sinaspian ng

diyablo, dahil di Siya naniniwala sa ating iglesya.” Kita n’yo? At sila ang iglesya nung panahong ’yun. Kaya, kita n’yo, hindi kayo puwedeng dumepende na lang sa iglesya. Kinakailangan n’yong dumepende mismo sa Diyos. Doon lang kayo. . . at sa pamamagitan ni Cristo.

¹⁰⁶ Ngayon, nung si Natanael ay lumakad na dun sa daan, ngayon makikita natin kung ano ang nasumpungan niya dun. Nasumpungan niya ang isang Lalaki na nakatayo roon, na ang ginagawa ay iba sa itinuturo ng iglesya. Ang itinuturo kasi ng iglesya’y ang mga araw ng himala’y lipas na. Pero heto si Jesus na nakatayo mismo roon, nagpapamalas. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁰⁷ Itaa n’yo po ang inyong kamay, saanman kayo sa gusali. Di mahalaga kung nasaan kayo. Itaa n’yo lamang ang inyong kamay, sabihin, “Diyos, sa pamamagitan nito, inaasam ko po na Iyo akong pagagalingin, Diyos.” Siyanga. Pangkalahatan po, saanman kayo. Sasabihin ko sa inyo kung anong gagawin n’yo.

¹⁰⁸ Sinabi ko na sa inyo na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay narito mismo sa anyo ng Espiritu ng Diyos. Tama po ba? Ilan sa mga Cristiano rito ang sumasampalataya riyan? Patingin ng inyong kamay. Mainam ’yan. Kung ganoon, kung Siya’y narito, at Siya ang siya ring Panginoong Jesus, kung ganoon Siya ay. . . Siya ay obligado na gawin ang siya ring bagay na ’yun. Tama po ba?

¹⁰⁹ Ngayon, nagwika Siya na di Niya kayang magpagaling. Na ipinapakita lamang ito sa Kanya ng Ama, at ginagawa Niya kung ano ang sabihin ng Ama. Tama po ba?

¹¹⁰ Ngayon, sa nakatayo riyan sa pila, kilala ko po ang unang ginang na nakatayo rito. At di ko po alam kung ang iba pa’y kakilala ko o hindi. Nakita ko na po ’yung ginang, na nandun sa ikalawa o ikatlo sa likod diyan. Nakita ko na siya noon. Di ko lang po alam kung anong pangalan niya, pero nakita ko na po siya noon. Sa palagay ko siya lang ang—ang—ang nakikilala ko. At siya lang yata ang—ang nakikilala ko. Sige po.

Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo para sa sandaling pananalangin.

¹¹¹ Ngayon, Makalangit na Ama, heto na po ang sandali. Ako po’y nakapangusap na, sa abot ng makakaya ko, patungkol sa Iyo. Ngayon, minamahala na Panginoong Jesus, dalangin ko na ako’y Iyo pong ingatan, batid Mo na wala akong nalalaman tungkol sa mga taong narito. Marahil may mga pagkakataon na alam ko ang kanilang. . . kung sino sila. Pero di ko nalalaman ang mga suliranin nila. Ikaw po ang nakakaalam. Iyo lamang sabihin ang anumang Iyong sabihin, at ipinagpapakumbaba ko ang aking sarili at ipinapasakop ko ang aking sarili sa Iyo, na ang dakilang Espiritu Santo’y bumaba ngayong gabi at gamitin ang aba’t, di karapat-dapat na lalaking ito, sa ikaluluwalhati

ng Diyos, at mapahiran. At huwag Mo pong ipahintulot na ako'y makapagsalita, sa sarili ko lamang na mga labi, bagkus ang Espiritu Santo ang hayaang magsalita at gawin ang mga gawa na sinabi ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos na gagawin sa Kanyang bayan, sa lahat ng kapanahunan. Idinadalangin ko ang pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹¹² Ngayon, tatanungin kita ng isang bagay. Kung tatayo ka lamang nang may pagpipitagan, at may pagpapakumbaba, at huwag mag-alinlangan, at manampalataya nang buong puso mo, hayan nga't ang Panginoong Diyos ng Langit ay walang pasubali na pagagalangin ang iyong katawan at pagiging maigi ang lagay mo.

Ngayon, sa pananampalataya n'yo ito. Di ito. . . Kita n'yo? Ngayon heto na po.

¹¹³ Ngayon hetong nakatayo rito ang isang ginang, sa tingin ko—sa tingin ko kilala ko ang babaing ito. Di ko lang po alam, pero naniniwala ako na nakikilala ko kung sino siya. At ako—ako—ako. . .

¹¹⁴ Tama po ba, kilala ba kita, ginang? Uh-huh. Sige, po. Sa tingin ko nakikilala kita. Siyanga. Sige. Ngayon, kung puwede pong lumapit lang kayo rito pansumandali. Ngayon, at alam ko marahil ang pangalan mo, pero wala akong masyadong alam tungkol sa iyo. . . Ang pangalan n'yo po ba'y Seduf, o parang ganoon? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Hindi, 'yung kapatid na babae ko po 'yun."—Pat.] Oh, siyanga, ang kapatid mong babae. ["Kilala n'yo po ako dati nung Wilson pa ang apelyido ko."] Dati ka, sa tingin ko—sa tingin ko, hindi po ba't dun sa dati kong pinagtrabahuan kita kakilala sa Public Service Company, o parang ganoon? ["Tama."] Siyanga. Nakita ko na kasi noon ang mukha mo kung saan. Nakikilala ko—nakikilala ko. Iniisip ko na ang pangalan mo ay Seduf, pero, ang kapatid mo palang babae 'yung Seduf. Tama po ba? ["Tama."] At ikaw naman ay Wilson. ["Tama, po."]

¹¹⁵ Buweno, nagagalak akong makita ka uli, kapatid. Ngayon pagpalain ka ng Panginoon.

¹¹⁶ Ngayon, Ako, bilang iyong kapatid kay Cristo, alam mo na wala akong nalalaman sa kung ano ang ipinunta mo rito. Wala nga ba akong nalalaman? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Wala po."—Pat.] Wala ako—wala ako—wala akong nalalaman. Wala, nga. Isa 'yang—isa 'yang lihim sa akin, na di ko alam. Ngayon, kung ang Panginoong Jesus ay ipaaalam kung ano ang ipinunta mo rito, at kung ano ang inaasam mo mula sa Kanya, kung Kanya ngang ipakikilala ang Kanyang Sarili na positibong narito talaga na—na Kanyang ihahayag kung anong ninanais mo, kung ganoon ay tatanggapin mo ba na ito'y pagparito na galing sa Kanya? ["Opo."] Tatanggapin mo. Sige.

¹¹⁷ Ngayon narinig ng mga narito ang boses niya, at nakikita n'yo naman ang mga rekorder na inirerekord ito. Ganoon nga. Ngayon masdan n'yo. Ngayon, kung Siya nga'y magsalita na ng anuman para sa babaing ito, kung ano ang ipinarito niya, hindi ba't 'yan din naman 'yung siya ring Espiritu na nagsalita sa babae dun sa balon, na natalos kung anong suliranin sa babae? Tama po ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Ngayon, kung, ganoon, ang pananampalataya ng babaing ito, ang magdedetermina ng kanyang kagalingan.

¹¹⁸ Ngayon sa inyo na mga narito, na walang prayer card, na nananampalataya nang buong puso n'yo na si Jesus Cristo ay narito para pagalingin kayo, kung makasasampalataya kayo nang buong puso n'yo, hindi n'yo na nga kailangang pumila pa rito sa pila para sa pananalangin. Hindi n'yo na kailangan. Ang kailangan n'yo lang kasing gawin ay manampalataya sa Diyos.

¹¹⁹ Ngayon hihilingin ko sa inyo, dahil may epilepsy rito. . . At marami sa mga nakadalo na sa mga pagtitipon, ay alam nila kung anong dinudulot ng epilepsy. Minsan bigla na lang itong susumpong. Kaya, ngayon, manatili lang po na taimtim, umupo lamang po nang tahimik. Anuman ang mangyari, maupo lang kayo nang tahimik. Kita n'yo? At manampalataya po lamang sa Panginoong Jesus at manalangin. Hilingin sa Makalangit na Ama na maging mapagbiyaya. Pero, ngayon, kung kayo nama'y di mananampalataya, hindi nga ako mananatili rito, kita n'yo. Haya't, ngayon, hindi po ito parang nagsisimba-simbahan lang tayo. Ang mga ito'y katotohanan po. Kumakaharap tayo sa mga bagay-bagay. Kung may kaunting oras pa sana ako, o isa pang gabi, na maipapaliwanag ko sa inyo kung ano ang mga bagay na ito, na makikita n'yo kung ano ba talaga ang mga ito sa terminolohiya ng Kasulatan, (binigyan kasi ang mga ito ng pang-medikal na mga pangalan), pero kung ano nga ba talaga ang mga ito sa pananaw ng Biblia.

¹²⁰ Ngayon, ang kapatid na babaing ito ay nakatayo rito sa harap ko. Ngayon, di po ito pagbabasa ng isip. Hindi, po. Ito'y nararamdaman ko, nararamdaman ko. Hindi n'yo, ngayon, di n'yo—di n'yo nga maitatago ang buhay n'yo ngayon kahit na ano pang pilit n'yo. Kita n'yo, ang Kanyang Espiritu ay narito mismo ngayon.

¹²¹ Ilan ang nakakita na dun sa litrato Nito, nung kunan nila Ito? At Ito'y nasa Washington, DC, ang tanging sobrenatural na Bagay na nakuhanan ng litrato kailanman, na talagang may patunay, sa buong mundo. May mga kuwento-kuwento sila tungkol sa mga lalaki daw sa kakahuyan, at lahat ng parang ganoon, pero lagi ngang napapatunayang peke 'yan. Kita n'yo? Pero Ito nga'y kinuhanan nila, at marami sa inyo ang naroon nung kuhanan nila Ito ng litrato.

122 Ilang linggo lang ang nakararaan, kinuhanan Ito ng kamera sa Alemanya, sa Alemanya, nang tatlong iba't ibang beses. At 'yang nakikita n'yo mismo sa litrato, ay narito po ngayon sa entablado. Yan nga ang sadyang katotohanan.

123 Ngayon magpitagan po. Huwag po kayong palakad-lakad. Itabi n'yo lang ang mga anak n'yo sa tabi n'yo. At manatili sa pananalangin, at antabayanan n'yo ang gagawin ng Espiritu Santo para sa atin, ngayong gabi. At kung . . .

124 At idinadalangin ko na ang Diyos ay pagpalain kayo; at darating ang isang araw, sa lupa, na magkikita-kita uli tayo. Ipanalangin n'yo ako, habang kami'y hahayo sa iba't ibang mga dako pagkatapos ng gawaing ito, sa ibang dako sa malayo, sa mga malalaking pagtitipon, para manalangin para sa mga may sakit.

125 At maging mapitagan lang po, ang bawat isa, kung maaari, dahil nasa Presensya tayo ng Diyos na makapangyarihan sa lahat, ang Espiritu Santo na nariyang naririto lang.

126 Gng., ano na nga uli po 'yung apelyido mo ngayon, Wilson? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Cobb, na po ngayon."—Pat.] Gng. Cobb. Gng. Cobb, kung—kung ang Espiritu Santo'y narito ngayon, Kanyang ipapaalam sa akin ang kung anong bagay sa iyong buhay, na magbibigay sa iyo ng lakas ng loob na dalhin ka sa isang dako na ika'y makasasampalataya sa Panginoong Jesus para sa iyong kagalingan. O, di ko po alam kung ano ang ipinunta n'yo rito. Maaaring problema sa pera. Maaaring sa pamilya. Di ko po alam. Pero, Kanya itong nalalaman. Hindi po ba't nalalaman Niya? ["Opo, nalalaman Niya."]

127 Nakikita ko ang isang bagay na ipinunta mo rito, ay dahil ika'y nagdurusa sa isang kondisyon ng pagkanerbiyos. Ikaw nga po'y ninernerbiyos masyado, nagugulumihan. Isa pang bagay, may—may ubo ka na dulot ng hika na umaabala sa iyo. Tama ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama."—Pat.] Tama. Sige.

128 Ngayon, sumasampalataya ka ba na ang lahat ng 'yan ay maigi na ngayon? Pinagaling ka na ngayon. Maaari ka nang makauwi. ["Purihin ang Panginoon."—Pat.] Si Jesus Cristo, sa pananampalataya mo, ika'y pinagaling na. Humayo ka na't manatili sa pananalangin.

129 Mabuting Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ipinapanalangin namin ang, minamahal naming kapatid na babaing ito rito, at hinihiling po sa Iyo na maging mapagbiyaya sa kanya, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

130 Halika po, ginoo. Kumusta kayo, ginoo? Sumasampalataya ka ba na ang Panginoong Jesus Cristo ang Anak ng buhay na Diyos? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo, ginoo, naniniwala ako,"—Pat.] Sumasampalataya ka ba na Siya'y narito para pagalingin ka? ["Opo, naniniwala ako."] Uh-huh. Siyanga ba?

[“Sigurado po ako.”] Sigurado ka na Siya’y narito para ika’y pagalingin.

¹³¹ Yan po ba ’yung ginang na ipinanalangin kanina? Kayo po ba ’yung ginang na narito kanina? Uh-huh.

¹³² May problema ka sa iyong tagiliran, na nakaupo diyan sa tabi ng ginang, hindi po ba, ginoo? Nananampalataya ka ba na ang Diyos ay may kakayahan na paigihin ka at pagalingin ka? Nung dumaan sa harap mo ’yung ginang ngayon-ngayon lang, may kakaiba kang naramdaman, hindi ba? Yun po ang Espiritu Santo. May problema ka sa tagiliran mo. Ngayon, lumisan na ito sa iyo ngayon, ginoo. Pinagaling ka na nang dahil sa iyong pananampalataya. Tama po ba? Itaas mo lang ang kamay mo. Tama po. Tama. Sige, ginoo.

¹³³ Hindi ko po kakilala ang lalaki. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko, pero pinagaling siya ni Jesus Cristo. Ganun na ganun nga na ’yung pananampalataya niya’y humipo sa Panginoong Jesus, sa panahong una, nung may isang babae na inaagasan ng dugo, ay ganun din na ang pananampalataya ng lalaking ito ay humipo rin. Hindi n’yo kailangang. . .

¹³⁴ Ano ang saloobin mo, munting binibini na nakatayo riyang sa pila para sa panalangin, na may balabal na nakapatong sa balikat mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Ang Tanging Katotohanan lamang!”—Pat.] Uh-huh. Siyanga. [“Ang bagay na sinasabi mo ay Katotohanan. Sinasampalatayanang ko ang bawat isa Nito.”] Pagpalain ka ng Diyos.

¹³⁵ Yang binibini sa likod mo riyang, na nakataas ang kamay, nang *paganito*. Uh-huh. Gusto mong lumiban sa pag-oopera, di po ba? Iniisip mo na ’yang tumor na ’yan, aalisin ’yan ng Diyos, kahit walang opera? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? May tumor ka, di po ba? At tama ’yun. Ikaw ba’y sumasampalataya na pagagalingin ka ng Diyos kahit walang pag-oopera? Sumasampalataya ka? Tinatanggap mo na ba si Jesus ngayon, bilang tagapagpagaling mo? Tinatanggap mo?

¹³⁶ Mabuti’t Makalangit na Ama, lumitaw po ang mukha ng babaing ito rito, at nakita ko ang pangitain sa harap niya, at ang doktor ay inihahanda na ang dako para siya’y maoperahan. Dalangin ko po, Makalangit na Ama, na, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na pagagalingin Mo ang babaing ito kahit di dumadaan sa pag-oopera, para sa Iyong Kaluwalhatian. Amen.

¹³⁷ Maaari ka nang makaupo ngayon. Hindi mo na kailangang dumulog pa sa pila para sa panalangin. Sa pananampalataya mo’y pinagaling ka na. Pagpalain ka ng Diyos.

¹³⁸ Sumasampalataya ba kayo sa Panginoong Jesus? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Kung makasampalataya kayo, ang lahat ng bagay ay ipangyayari.”

139 Ginang, na nakatayo; bali ang braso mo. Nadisgrasya 'yang braso mo diyan, di po ba, ginang? Uh-huh. Taga-Corydon ka, di po ba? May kasama ka, na sumama, di po ba?

140 Siya'y nagdudusa ng pagkanerbiyos. Tama po ba? Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Sige. Ngayon lumakad ka na't bumalik sa puwesto mo, mapapagaling ka, rin, ginang. Amen.

141 Ang pananampalataya mo ito. Siyanga. Hayan, ngayon, 'yan nga ang ipinapangusap ko, ang Espiritu Santo.

142 Ginoo? Sumasampalataya ka ba na 'yang problema mo sa puso ay nilisan ka na, at magiging maigi na ang lagay mo? Sumasampalataya ka na ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo. Sumasampalataya ako."—Pat.] Sige po, ginoo, maaari ka nang makauwi ngayon. Amen.

143 Sabihin nating lahat, "Purihin ang Diyos." [Sinasabi ng kongregasyon, "Purihin ang Diyos."—Pat.] Lahat tayo'y sige't manalangin lamang.

144 Ang binibini na papalapit, kumusta ka? Iniisip ko na tayo'y estranghero sa isa't isa. Hindi ba, binibini? Di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Ako'y ganap na estranghero sa iyo. Tulad nung . . . ang ating Guro nung Siya ay pumuwesto dun sa balon at nakipag-usap sa babae. At sabi, sabi nung babae. . . Sabi ng Guro, "Dalhan mo Ako ng mainom." Gusto Niyang magkaroon ng paunang pakikipag-usap muna sa babae. Ngayon, yamang ito ang pinaka una nating pagkikita sa buhay, na lalaki't babae na naman po uli, hindi ba't ganoon? Buweno, kung ganoon, kung si Jesus ay nagbangon mula sa patay, at nangako Siya na Siya'y sasama sa atin, sasa atin, hanggang sa katapusan ng mundo, at gagawin natin ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa, marapat lamang na ganoon na ganoon nga ang eksena sa bagay na ito.

145 Kaya naman, kung si Jesus ay tatayo rito at susuutin Niya itong amerikana na Kanyang ibinigay sa akin, ang natitira na lamang na Kanyang gagawin, kung ihahambing. . . kung kayo'y may sakit at nangangailangan ng kagalingan, sasabihin Niya sa inyo, "Ginawa Ko na ito sa Kalbaryo, anak. Magagawa mo na bang sumampalataya ngayon?" Pero, hayan din, na magagawa Niyang sabihin sa inyo ang isang bagay, marahil may di kaaya-aya sa inyo, o ano, na dahilan kung bakit di kayo gumagaling-galing. Pero, ako, bilang isang estranghero, maihahambing nga sa ganoon. Hindi po ba?

146 Ngayon, ang bawat isa ay maging kapita-pitagan ngayon. Alalahanin n'yo, kayo'y nasa Presensya ng Panginoon. At ang mismong Ebanghelyo na binasa ko sa inyo, sa gabing ito, Ito nga'y nakikita n'yo nang buhay na buhay nang panibago. Kita n'yo?

147 Di ko pa nakikita ang babaing ito kailanman. Wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya, di ko pa siya nakikita

sa buong buhay ko. Nakikilala siya ng Diyos; ako'y di ko siya nakikilala. Pero, ngayon ay makikipag-usap ako sa kanya, para ikaugnay ang kanyang kaluluwa.

¹⁴⁸ Itong pahid na naritong kasama ko ngayon ay ang Anghel ng Panginoon, ang Haliging Apoy na gumagabay noon sa mga anak ni Israel, na si Cristo sa anyo ng Espiritu; na bumaba, napaging laman; bumalik sa Ama; bumalik uli para manahan sa Kanyang Iglesya, na siya pa ring 'yun. Hindi po ako; kundi Siya.

¹⁴⁹ Di ko po nakikilala ang babae, wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya; ikapitong-baitang lang ang naabot kong edukasyon. Masdan n'yo ang mga tao, sasabihin n'yo . . .

¹⁵⁰ Buweno, diyan sa mga nakikinig, sila'y—sila'y hayan ngang pinagagaling. Sa mga nakaupo riyan sa mga tao, nakatayo sa kung nasaan man sila. Narito ang Diyos upang magpagaling, 'yun nga, kung kayo'y makasasampalataya.

¹⁵¹ May nakikita akong bata na nagdurusa, pero di ko masabi kung siya ba'y pinagaling; di ko pa po alam. Kung itutuloy-tuloy n'yo lang ang pananalangin, nanay, manampalataya nang buong puso mo.

¹⁵² Ngayon, sa iyo uli, kapatid na babae, ako'y makikipag-usap uli sa iyo. Ngayon, may kagutuman nga riyan sa puso mo, nang matagal nang panahon. Yang gutom na 'yan ay paghahangad na mapalapit pa nang husto ang buhay mo sa Diyos. Pilit mong sinusubukan; susubukan at mabibigo; susubukan at mabibigo. Hindi ba't ganoon? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Ganoon po."—Pat.] Uh-huh. Buhay na minsan ay nasa itaas at minsan ay nasa ibaba.

¹⁵³ Heto nga di pa katagalan, may ipinapanalangin ka sa kung saan, dahil kumakaharap ka sa isang matinding bagay, na para pong operasyon o kung ano. Oo, ganoon nga. Nakikita ko ito. May doktor, sinusuri ka niya. May kung ano ka sa . . . Diyan sa iyong binti. Nasa kanan mong binti, nandiyan 'yung problema na dapat maoperahan. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] Nangako ka, na kung pagagalingin ka ng Diyos, na iyo nga Siyang paglilingkuran at lalakad nang mas malapit na pamumuhay. Hindi ko binabasa ang pag-iisip mo. Tama 'yun, hindi po ba? ["Sinasampalatayanan ko ito."] Siyanga, po. Kung iyong . . . Kung tama, itaas mo ang iyong kamay.

¹⁵⁴ Ngayon, may kung anong Bagay nga rito na nalalaman mo. Gusto kitang tanungin ng isang bagay. Sa Presensya kung saan tayo nakatayo ngayon, at nang malaman ng mga narito, may kung anong pakiramdam ka ngayon, na di mo pa nadadama sa buong buhay mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama. At di ko 'yun maipaliwanag sa kahit kanino."—Pat.] Tama. Dahil sa Liwanag nga 'yan, ang Espiritu Santo'y nasa kalagitnaan mo at ako; at nanumbalik ka nga, sa pagiging kabataan mong babae. ["At maski po kanina, sa pagkakatayo ko rito sa may pila, may

nararamdaman na akong parang ako'y. . . May nararamdaman akong pakiramdam na di ko maipaliwanag sa kahit kanino.”] Sila din diyan ay nararamdaman din nila ‘yan, sa mga narito sa pila ngayon. Kita mo? Heto, ang Presensya ‘yan ng espesyal na Bagay na di alam ng mundo. Halika rito, nang mahiling ko sa Diyos na pagpalain ka, kapatid na babae. [“Sige po.”]

¹⁵⁵ Lahat kayo, sumasampalataya ba kayo nang buong puso n’yo na ngayon? Kayo po ba? Sumasampalataya na ba kayo? kung kayo nga, sabihin, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁵⁶ Mabuting Makalangit na Ama, heto ang minamahal naming kapatid na babae na nakatayo rito na nangangailangan. Lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Iyo. At heto siyang nakatayo rito, matindi ang pangangailangan. At nagnanais siyang mapaigi. At ito na po ang oras na ‘yun. Idinadalangin ko, na sa mismong sandali na ito, Ama, na Iyong aalisin ang lahat ng kanyang mga sakit, lilinisin siya mula sa lahat ng mga bagay na hindi Iyo. At akin pong hinihiling, Minamahal na Diyos, na patatawarin Mo po siya sa bawat pagkakasala niya’t pagsuway, at dalhin siya sa Iyong Kaharian, ngayong gabi, na isa nang ipinanganak nang muli na bagong silang, at pagalingin ang kanyang katawan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong minamahal na Anak, ay akin itong hinihiling. Amen.

¹⁵⁷ Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Humayo ka, na nagbubunyi at nagagalak, na anupa’t kasa-kasama mo na ang Diyos.

¹⁵⁸ Kumusta ka, binibini? Sa palagay ko ay estranghero tayo sa isa’t isa, hayan nga. Hindi natin kilala ang isa’t isa. Pero kung—kung si Jesus nga’y nagbangon mula sa patay, gaya ng sinasabi ko na Siya’y bumangon nga, at nananampalataya ako na Kanya ngang ginawa, at Siya’y nakatayo rito kasama natin, ikaw at ako; kaya naman itong pakikipag-usap ko sa iyo, na gaya sa ginawa Niya sa babae dun sa balon, at nagawa Niya. . . At sa pamamagitan ng Kanyang Salita ay Kanyang ipinangako na Kanyang ihahayag ang mga bagay na ito, at gagawin natin ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa, dahil Siya’y sadyang paroroon. . . Ang sabi Niya, “Ako’y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo.”

¹⁵⁹ Ngayon huwag kang maligalig dahil sa nararamdaman mong ‘yan na kakaiba, haya’t maluwalhating pakiramdam ito. Haya’t hindi ‘yan dahil sa ika’y. . . Hindi na ‘yan ang kapatid mong lalaki. Siya ‘yan, ang iyong—iyong Panginoon, hindi ako. Siya!

¹⁶⁰ Ngayon, ang binibini po ay isang di ko kakilala. Kayo po’y manatiling taimtim, sa mga narito; manatiling taimtim, kung maaari po. Kita n’yo? Hindi ko siya nakikilala. Pero kilala siya ng Diyos. Hindi ko kilala ang mga tao, pero malalaman n’yo

nga na may kung anong bagay dito na gumaganap sa gawain ng Panginoon, batay sa pamamaraan na sinabi ng Biblia kung papaano ito magaganap. Kung . . . Masasampalatayanan n'yo na ba ito ngayon? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Buweno, ano nga ito? Ang Panginoong Jesus. Kita n'yo?

¹⁶¹ Ngayon gusto ko pong makipag-usap sa babaing ito muli, dahil may nakikita ako—may nakikita ako sa babae ngayon habang lumalayo siya nang kaunti mula sa akin. Oo, ang babae nga'y sadyang nagdadalamhati sa bagay na ito. Oh, may pagka nerbiyos siya, talagang malubha, at nagkaroon pa ng sumpung. Hirap na hirap ka pa rin dahil dito. Yan ang totoo. Hindi na? [Sinabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kung 'yan ang totoo, itaas mo ang iyong kamay.

¹⁶² May kung anong masamang pakiramdam ka na apektado ang buong katawan mo, parati. At lalo na kapag gabing-gabi, may kung anong di maipaliwanag na pakiramdam ka. Hindi ba't totoo 'yan? Hayan din na nakikita ko na nakaupo ka sa isang upuan, na parang gabing-gabi na ito, hayan ito. Pagod na pagod ka; di ka makagawa ng dapat mong gawin. At—at hindi ba't tama 'yan? Nagdudulot pa nga ng problema sa tiyan diyan sa iyo, na para bang, nangangasim at kung anu-ano pa, kapag umiinom ka ng kape o kung ano na parang ganoon. May asido na lumalabas kapag dumidighay ka, mula riyan sa tiyan mo, at kung ano pa. Tama. Nakikita ko na palayo ka sa mesa na may kung bagay sa ibabaw nun, sa tabi ng bintana, malapit sa may bintana. Tama ba? Itaas mo ang iyong kamay kung tama.

¹⁶³ Ngayon, may kung anong Bagay rito na nakakakilala sa buhay mo, hindi ba? Sinabi ko sa inyo, mula sa Biblia rito, na si Jesus Cristo'y gagawin ang siya ring bagay, at nangako na atin ding gagawin ang siya ring bagay. Ikaw ba'y sumasampalataya na Siya nga ito? [Sinabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] May nakikita akong napaka itim na anino na nakasunod sa iyo, hayan din, na isang diyablo. At tinukso ka na niya halos para magpakamatay, nung isang beses, na sinasabi sa iyo na ika'y—ika'y lumampas na sa hangganan na pahiwalay na, na di ka na raw maliligtas pa. Tama ba, tama ba? ["Opo."]

¹⁶⁴ Sumasampalataya ba kayo, diyan sa mga nariyan ngayon, nang buong puso n'yo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Ganap na ganap mismo. Totoong-totoo. Ang Panginoong Jesus talaga ito. Hindi ko alam kung anong iniisip n'yo. Alam ko na ang ilan sa inyo ay naguguluhan, dahil di n'yo nga maitatago ang buhay n'yo ngayon. Kita n'yo? Alam n'yo na wala nga akong anumang magagawa para sa inyo, pero hindi n'yo—hindi n'yo maitatago ang buhay n'yo pilitin n'yo man, sa oras na ito. Nasa Presenya Niya kayo.

¹⁶⁵ Ngayon, kapatid na babae, kung magagawa ko, sa biyaya ng Diyos, na paalisin na 'yan sa iyo ngayon. At kung . . . Marahil

nag-aasam ka, nang panahon ng kaginhawaan, kung paano ba. Ngayon, Kanya nga itong gagawin, kung sasampalatayanan mo lamang Siya? Sasampalatayanan mo na ba Siya? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Mananalangin ako. Iyo lamang Siyang sampalatayanan.

¹⁶⁶ Ngayon, tingnan mo. Marahil sa buong buhay mo ay di ka naging ganoong kalapit minsan maliban sa oras na ito mismo. Ngayon, nang sa gayon malaman ng mga naritong nakaupo, at ng kaibigan mo. Diyan sa mismong kinatatayuan mo ngayon, may kung anong dalisay na kapayakan, na kalugud-lugod na pakiramdam sa palibot mo, (hindi ba?) na parang may kung anong Bagay na malapit diyan sa iyo. Hindi nga ito ang kapatid mong lalaki; pero isang Bagay na sobrenatural. Tama ba 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Kita mo? Ang Anghel nga 'yan ng Panginoon. Kita mo? Ako'y narito ngayon sa ibang dimensyon, kita mo, sa isang espirituwal na daigdig. Ngayon nais kong manalangin para sa iyo habang nasa pahid na ito.

¹⁶⁷ Ngayon, ang mismong Bagay na narito, ay natatalos ang iyong buhay, nakikita ko ito na bumabalik sa panahon nung isa ka pang batang babae. Nakikita kita na isang batang babae. May tinatakbuhan kang kung ano. May—may kung anong bagay na humahabol sa iyo. Isang aso. Parang galing ka nito sa eskuwelahan o kung ano, matagal, na matagal nang panahon. Tinakot ka. Dahil diyan nagkaroon ka ng pagkanerbiyos, na halos, buong buhay mo. Yan ang totoo. Siyanga ba? Kita mo? Sadya ngang . . . sa pakikipag-usap ko pa sa iyo nang matagal, mas marami pang pangitain ang magpapakita.

Ngayon, para makasunod din ang iba, manalangin tayo.

¹⁶⁸ Minamahal na Diyos, na May-akda ng Buhay, Panginoong Jesus, na Siyang hahatol sa aming lahat sa Iyong Pagparito; na sadyang may pagkabatid kami na kami'y mga tao na papasa Walang Hanggan, at kakatagpuin Ka balang araw. Nakatayo kami ngayon dito sa Iyong Presensya, at nalalaman sa mismong oras na ito, na narito sa entablado, ang Espiritu na nagbangon kay Jesus Cristo mula sa patay, at pinapatotohanan ang bawat Salita.

¹⁶⁹ Ama, Ikaw nga'y ganoon na lamang na kaibig-ibig, dahil Iyong—Iyong inihayag ang mga bagay na 'yun na talagang totoo. Katotohanan ang Iyong sinasambit. At ang ginang na nakatayo rito, na hetong pinahihirapan siya ng masamang espiritu na sinusubukan siyang itulak na magpakamatay at gumawa ng mga bagay na mali. Pero Ikaw nga po'y narito para alisin ito, Ama. At dalangin ko sang-ayon sa Iyong Salita, na nagsasabi, “Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, ay Akin itong gagawin.” At alam ko po na ang Iyong Salita ay totoo.

170 Kaya, Satanas, ikaw na masama na nagpapahirap sa aming kapatid na babae, inuutusan kita sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang buhay na Diyos, na lumabas ka sa babaing 'yan.

171 Ngayon tumingin ka rito. Ngayon may kung anong bagay nga na nangyari sa iyo. Umiiyak ka. Iba na ang pakiramdam mo di tulad ng dati, hindi ba? Masaya na ang pakiramdam mo, maganda na ang pakiramdam mo. Tama ba? Itaas mo ang iyong kamay rito, sa harap ng mga tao, para . . . At ika'y, naniniwala ka na ika'y iigi na ang lagay, at makakauwi na't paglilingkuran ang Panginoon? Sige. Ngayon, masigla kang humayo, basta't maging masaya lamang. Hindi ka na nito pupuntahan pa.

Sabihin po natin, "Salamat sa Diyos," habang tayo . . . Kita n'yo?

172 Sige, lumapit ka lang po. Kapatid na babae, ako'y isang estranghero sa iyo, nang sa gayon hindi isipin ng mga tao na heto nga . . .

173 Alam n'yo kung ano 'yung "pagbabasa ng isip." Yun 'yung nasa isip ng isang tao rito. Di ko lang matawag sa pangalan; at kung bigla po itong dumating, sasabihin ko kung sino ka. Kaya, hayan ka, pabalik-balik ito sa entablado sa akin. At sa palagay ko'y ministro ito, dahil may nakikita akong entablado sa harap ko po.

174 Ipinamamanhik ko na ipatong mo ang kamay mo sa kamay ko, kapatid na babae, bilang paraan ng pakikipag-ugnay. Hindi kita kakilala. Di pa kita nakikita, at di kita tinitingnan. Dito ako nakatingin sa mga taong nakaupo rito ngayon. Kung ihahayag sa akin ng Diyos na makapangyarihan sa lahat, sa pamamagitan ng pangitain, sa pagtingin ko sa gawi *rito*, kung ano 'yang suliranin mo, magagawa mo bang aminin at sabihin ang totoo, kung ito ba'y totoo o hindi? Kung gagawin mo, itaas mo ang iyong kamay. Ngayon ipagkaloob nawa ng Panginoong Jesus ito habang ako'y mananalangin. Kung ipapatong mo lang ang iyong kamay sa kamay ko, nang paganito, para makipag-ugnay. Sinabi ng Biblia, "Ipatong ang mga kamay sa mga may sakit."

175 Opo, kapatid na babae, may suliranin ka na pambabae. Isa itong sakit na pambabae. Kung tama 'yan, itaas mo ang iyong kamay. Ngayon iniisip mo ba na pagbabasa lang ito ng isip? Ito po ang nangyari. Nasa isang banyo siya. Na, hindi angkop kung sasabihin ko sa halo-halong mga tao rito. Alam mismo ito ng babae; isa itong pag-agas. Tama. Hindi po ba, ginang? Tama. Kita n'yo? Totoo nga.

176 Ngayon, ang Diyos lamang ang makakapagpagaling sa kanya. Di ko siya kayang pagalingin. Hindi nga. Hindi po ako nagpapagaling. Ako'y Kanyang lingkod, isang sisidlan lamang na binabaan ng Espiritu Santo.

177 Katulad nga nito *rito*, itong ispiker dito. Hindi *ito* ispiker, isa itong parisukat, isang pulpito. Ito ang ispiker; may tao na

gumawa nitong ispiker na ito rito. May isa ring tao na gumawa nitong—nitong pulpito rito. May isang tao na ginawa kayong mangangaral, may . . . ang ibig ko pong sabihin, ang Panginoon. Di ko po gustong sabihin . . . Pasensya na po, mga kapatid na lalaki. Di ko ibig sabihin na may kung sinong tao na ginawa kayong mangangaral. Hindi ganoon ang ibig kong sabihin sa bagay na 'yan, sa paraan na 'yan. Ang sinasabi ko lang ay may kung sino . . .

¹⁷⁸ At, ito, para kang—para kang kumikilos dito sa dalawang daigdig na ito. Narito ka sa isang daigdig na ito; tapos bigla na lang 'yung mawawala, tapos papasok ka't makikita mo itong naritong nakatayo sa may etablado rito, makikita mo ang mga Anghel ng Diyos, at lahat. At may makikita kang kung anong bagay na pangyayari na di kaaya-aya. Pagkatapos ika'y—ika'y mapapa isip kung minsan, 'yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko . . .

¹⁷⁹ Kung papaanong tinawag kayo ng Diyos at ginawa kayong isang ministro, ako'y tinawag naman ng Diyos at ginawa akong isang tagakita, gaya ng ipinangako Niya sa Biblia. Sinabi ng Biblia, “Ika'y . . .” At sinabi ng Biblia, sa . . . Sa Mga Gawa, sa ika-2 kabanata, “Sa huling mga araw,” itong mga araw na ito ang tinutukoy riyang, “mangyayari na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang kabataan ninyong lalaki ay makakakita ng mga pangitain.” Tama ba? “Magpropesiyang.” Tama ba? Magpapalitaw nga Ito ng mga propeta sa huling mga araw, at magpapakita ng mga pangitain at mga tanda. Yan ba ang sinasabi mismo ng Biblia? Buweno, ganoon mismo ang pagkakasabi Niya.

¹⁸⁰ Ngayon, kapatid na babae, humayo ka, na nananalig, na may pananampalataya. Manampalataya ka nang buong puso mo't, pagagalangin ka ng Diyos. Sinasampalatayan mo na ba ito? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo.”—Pat.]

¹⁸¹ Mabuting Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, ang Panginoong Jesus, yamang nalalaman na ang babaing ito ay naritong malapit sa Liwanag, at heto ang anino sa may likod niya, na tinatawag na kanser. At dalangin namin, Makalangit na Ama, na Iyo pong ipagkakaloob ang kanyang kagalingan ngayong gabing ito. At hinahatulan ko ang kaaway na ito, sa batayan ng pagpapahayag niya ng kanyang pananampalataya, at sa Salita ng Panginoong Diyos. Heto nga na aking hinahatulan ang diyablo na ito na gumugulo sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁸² Humayo ka na, na nagagalagk, kapatid na babae. Huwag ka nang magulumihan pa. Manampalataya ka lamang nang buong puso mo.

¹⁸³ Ninanais mong gumaling, hindi ba, kapatid na babae? Iyo bang . . . naniniwala ka ba na ako'y propeta Niya? Kung

sasabihin ko sa iyo kung saan naroon ang suliranin, at kung anong problema sa iyo, at kung anong gagawin, maniniwala ka ba rito? Maniniwala ka? Alam mo nga na may kung anong bagay na dumating. Ang likod mo, hindi ba? Oo. Tama. Ngayon sumasampalataya ka ba na pagagalangin ka ng Diyos? Ikaw nga’y may pagka nerbiyos, din, at maraming komplikasyon na kung anu-ano. At marami ang sa pakiwari mo’y mayroon ka, na wala ka naman, dahil sa iyong pagka nerbiyos. Kita mo, ’yun nga ang nagbubunsod nito. Kung minsan, kapag humihiga ka, nararamdaman mo na may kung anong masama sa puso mo. Pero hindi ’yan diyan kundi dun sa tiyan mo. May kung anong peptic ulcer sa tiyan mo, na nagbubunsod ng gas na dumidiin sa puso mo. Di ka na nito pasasakitin pa. Igi ang lagay mo. Isa kang mabuting babae. Pinagaling ka na ng pananampalataya mo. Naniniwala ka ba sa akin? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Kung ganoon ay humayo ka na sa daan mo, na nagbubunyi, nagpapasalamat sa Diyos.

Sabihin po natin, “Salamat sa Diyos,” ang lahat po.

¹⁸⁴ Kapatid na babae, hayan nga, na nalalaman mo na may iisa lang na makakapagpagaling sa iyo, ’yan ang Diyos. Diyos lang ang Isa na Siyang makakapagpagaling ng kanser at paiigihin ka, pero magagawa nga Niya ’yan kung sasampalataya ka. Sasampalatayanan mo ba nang buong puso mo?

¹⁸⁵ Mabuti’t Makalangit na Ama, Na sinasampalatayanan namin, dalangin ko, minamahal na Diyos, na ang Espiritu Mo na pinaka makapangyarihan sa lahat ay hipuin ang babae na ito at paigihin ang lagay niya. Gaya ng Iyong sinabi sa Iyong Salita, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa sumasampalataya.” Yan po ang huli Mong sinabi, Jesus, nung iwan Mo ang Iyong Iglesya, sinabi Mo, “Yumaon sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, at ang di sumasampalataya ay mapapahamak. At ang mga tanda na ito ay lalakip sa mga sumasampalataya; sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng masasamang espiritu; magpapatong ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisigaling.” Panginoon, Ikaw nga’y tapat sa Iyong Salita. At sa atas na ito ng Panginoong Jesus, sa Kanyang Salita na pinaka makapangyarihan sa lahat, hinihiling ko po ngayon na ang kasamaang ito ay umalis, sa kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁸⁶ Ngayon humayo ka na, na masaya, nagbubunyi, at maging maigi na ang lagay. Amen. Lahat kayo, na mga narito, hindi n’yo naman. . . Iniisip n’yo na ano kaya. . . Iniisip n’yo marahil na nawawala na ako sa sarili, pero hindi po. Hindi, po. Hindi ako nawawala sa sarili. Haya’t sinasabi ko ito sa Pangalan ng Panginoon, na si Jesus Cristo ang nabuhay na mag-uling Anak ng Diyos, ay buhay ngayong gabi, at narito sa bulwagang ito mismo sa oras na ito, na nagpapakita ng mga bagay na ito na sinabi

ng Kanyang Salita na Kanyang gagawin. Hindi ba't Siya nga'y kahanga-hanga? Sadyang kahanga-hanga. Oh, napaka buti!

¹⁸⁷ Nakatingin ako sa isang ginang rito, pero sa palagay ko ang ginang sa likod niya, ang may sakit sa apdo, na nakaupo riyang, na nagnanais na mapagaling. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos, kapatid na babae? Nakaupo riyang, sa likod ng isang ginang; medyo may kalakihan ang katawan na ginang na nakatingin sa akin. Buweno, sumasampalataya ka ba? Diyan sa mismong likod ng ginang. Nakaupo ka nga riyang na nananalangin, hindi ba? Huh? Ikaw. Hindi, ang ginang po na nakaupo *riyang*, nariyang 'yung. . .

¹⁸⁸ Kung makikita n'yo lang, kung makikita n'yo lang! Ilan po rito ang nakakita na dun sa litrato ng Anghel ng Panginoon? Hetong nga 'yun na nakalutang, diyan mismo, sa ibabaw ng babaing itong rito.

¹⁸⁹ Pinahihirapan siya ng kung anong sakit sa apdo. Nandun 'yun sa . . . dun mismo sa ilalim ng tagiliran dito, na sanhi nung sakit. At nakaupo nga siya riyang, nananalangin at humihiling, na paigihin ng Diyos ang kanyang lagay.

¹⁹⁰ Kapatid, di mo na kailangang mag-alala pa. Pinaigi na mismo ni Cristo ang kalagayan mo. Amen. Pasalamatang natin ang Panginoon.

¹⁹¹ Anong sa tingin mo, kapatid na babae? Tayo'y estranghero sa isa't isa. Siyanga ba? [Sinabing ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Di natin kakilala ang isa't isa. Nakikilala tayo ni Jesus Cristo, Siya nga ba? Kung ihahayag ng Diyos sa akin kung nasaan ang suliranin, o isang bagay patungkol sa iyo, na alam mo na di ko alam, tatanggapin mo ba Siya bilang iyong tagapagpagaling? Ako'y kapatid mo lamang. Hindi kita—hindi kita kayang pagalingin. Isa lang akong tao, na parang iyong—iyong ama, o asawa, o kapatid na lalaki, o ano pa. Hindi ako—hindi ako nagpapagaling. Pero, nalalaman mo na narito ka sa Kanyang Presensya. O, isang bagay, na alam mo—alam mo na may kung anong Bagay diyan sa tabi mo maliban pa sa mga tao rito. ["Opo."] Tama ba 'yun?

¹⁹² Ngayon, sa iyong mga kaibigan diyan, at para maging saksi sa Panginoong Jesus, para malaman nila, at para ang mga naritong nakikinig ay makatiyak sila. Dahil, pagkatapos ng gabing ito, sila'y tatayo na marahil sa paghatol. Kita mo? "Para malaman nila!"

¹⁹³ May gusto lang po akong sabihin na isang bagay. Nitong mismong paglapit mo rito, mismo ngayon, haya't may kung anong tunay na kaibig-ibig, na mapagpakumbaba't, kalugud-lugod na pakiramdam sa palibot mo. Na ikaw. . . Kung tama 'yun, itaas mo ang kamay mo, at hayang ding di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Ngayon, sa mga taong kakilala siya, di nga kayo makatatayo rito nang ganitong kalapit nang di Ito mismo

nababatid, di Ito nakikilala. At Siya'y narito nga. Ang Espiritu Santo po. Kita n'yo? Ang . . . Ganoon na lamang ang epekto Nito sa—sa tao. May kung anong bagay talaga.

¹⁹⁴ Halimbawa na lang po. Kung ikaw—kung ikaw ay titingin gamit ang mata mo, may emosyunal ngang epekto ito sa iyo. At yamang may pandama rito para maramdaman ito, at kung may bagay na umeepekto sa pandama na ito, ito'y—ito'y nagdadala ng emosyon, kita n'yo. Iyo—iyo ngang madadama't madadama talaga. Kita mo, may reaksyon nga, at ikaw ay nasa Kanyang Presensya. Ngayon, aking . . .

¹⁹⁵ Kung sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang suliranin mo, iyo bang tatanggapin Siya bilang tagapagpagaling kung ganun, dahil diyan? Ang suliranin mo'y sakit na pambabae, diperensya na pambabae. Tama. May mga kirot ka, sa ibaba, sa tagiliran. Tama po ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama po.”—Pat.] Sa lagusan. At may imp- . . . May impeksyon ito. May nana rito, at 'yun ang dahilan nung pananakit. Minsan nga'y matindi ang sakit. Nakikita kita, na ilang araw, na pinipilit mo ang sarili mo na makalakad ka, na nangingiwi nga ang mga ngipin mo. Ngayon-ngayon lang ito. Tama ba? Hindi mo naman iniisip na binabasa ko ang isip mo, hindi ba, kapatid ba babae? [“Hindi.”] Isa kang mananampalataya.

¹⁹⁶ Ngayon, sinabi ni Jesus, “Ang mga tanda na ito ay lalaki sa kanila na sumasampalataya, kung ipapatong nila ang mga kamay nila sa mga maysakit, sila'y magsisigaling.” Ngayon, sinabi ng Biblia na mangyayari ang mga bagay na ito. At ikaw ay narito mismo ngayon . . .

¹⁹⁷ Tingnan mo. Unang-una, ang Salita, sinabi ng Salita ng Diyos na ang mga bagay na ito ay mangyayari.

¹⁹⁸ Heto nga, na lumakad ka rito sa akin, na isang di kakilala, di mo pa ako nakakatagpo kailanman. At nung pagkalapit na pagkalapit mo rito. . . Ikaw nga'y lumalapit na rin lagi noon sa harap ng mga kalalakihan, na mga ministro, pero di mo pa naranasan ang ganito sa buong buhay mo. Kita mo? Pagkatapos heto nga na may isang Bagay na bumaba, itong kaibig-ibig na Persona na narito sa atin ngayon, na sinabi sa iyo kung saang banda 'yang sakit mo, at kung ano ang iyong ginagawa. Kaya naman nalaman mo na isa itong sobrenatural, hindi ba?

¹⁹⁹ Kaya, naniniwala ka ba na isa akong sumasampalataya? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Amen.”—Pat.] Kung ganoon kung ipapatong ko ang aking mga kamay sa iyo, at hihiling para sa iyong kagalingan, mapapagaling ka nito, hindi ba? [“Tama po.”] Kung ganoon lumapit ka na rito, kung maaari. Hayaan mong ipatong ko ang mga kamay ko sa kamay mo.

At manalangin po tayo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

²⁰⁰ Makalangit naming Ama, yamang nababatid namin na ang Iyong Presensya ay narito, at Ika'y higit na makapangyarihan. Ika'y nasa lahat ng dako. At dalangin ko, sa pamamagitan ni Jesus, ang Anak ng Diyos, na Iyo pong pagalingin ang kapatid naming babaing ito. At siya'y nakatayo rito sa Iyong Presensya, ngayon, at Ikaw ay nagpapahid. At hinihiling ko po na Iyong alisin ang masama sa kanyang katawan. Ngayon, alam namin na maaaring kunin nito ang buhay niya, at papupuntahin siya sa libingan nang masyadong maaga pa, pero Ikaw nga'y narito para alisin ito. At, Ama, dalangin namin na Iyo po itong gawin. At alam po namin na nakamit na namin ang aming hinihiling, dahil narito Ka para magpatotoo sa amin na Ikaw ay nabuhay mula sa patay. At Iyong nakikilala ang babaing ito. Kilala Mo na po siya simula pa nung maparito siya sa lupa. At narito Ka para ihayag sa kanya ang mga bagay na ito na kanyang ginawa sa kanyang buhay, at kung anong suliranin sa kanya.

²⁰¹ At, ngayon, sa—sa kapamahalaan ng Salita ng Diyos, aking hinahamon ang kaaway na ito sa kanyang katawan. Ikaw na kaaway, na tinatawag na diyablo! Narito akong nakikibaka, na pinanghahawakan ko ang mismong kaloob na ibinigay sa akin ng Anghel. Na, Satanas, iyo itong nalalaman. At inuutusan kita sa pamamagitan ng buhay na Diyos, na si Jesus Cristo na Anak ng Diyos, na ika'y lumabas mula sa babaing ito, at huwag mo na siyang pahirapan pa kahit kailan. Amen.

²⁰² Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Humayo ka, na nananampalataya nang buong puso mo, gagaling ka. Sumulat ka sa akin ng iyong patotoo, ikuwento mo sa akin kung anong nangyari sa iyo rito nung pagdulog mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Gagawin ko po.”—Pat.]

²⁰³ Nagnanais ka ba na mapagaling ka sa sakit mo na 'yan sa puso, ginoo, at umigi ang lagay? Bumaba ka rito sa entablado, sige't sabihin mo, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, dahil sa pagpapagaling sa akin,” at gagaling ka. Amen. Manampalataya ka nang buong puso mo.

²⁰⁴ May gusto akong itanong sa iyo. Nung sabihin kong “sakit sa puso” sa kanya, may kung anong bagay na nangyari sa iyo. Hindi ba? Dahil, 'yan din 'yung mayroon ka, siyanga. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama po.”—Pat.] Nung nakatayo ka riyan sa mga tagapakinig, nito-nito lang, sinabi mo, “Opo, sumasampalataya ako.” At nung mismong sandali na 'yun, may kung anong pinagbago sa iyo, hindi ba? Tama. Haya't, nakita mo... [“Sa—sa—sa—sa palagay ko iniisip ko nga na sa lalaki mo po ito sinasabi.”] Tama. Ganoon mismo. [“At dahil sa sakit 'yun sa puso. Iniisip ko rin 'yung sa akin.”] Alam ko. Pero nung marinig mo ako na sabihin ko 'yun sa lalaki, itong sinabi ko, pagkatapos ay may kung anong bagay, na naramdaman mo na kamangha-mangha, di ba? Ngayon, 'yun mismo ang nagpunta sa iyo, para maghatid sa iyo ng kagalangan. Sumasampalataya ka

ba nang buong puso mo? [“Opo. Sumasampalataya po ako, nang buong puso ko. Sumasampalataya ako.”] Halika rito, kapatid na babae ko.

205 Mabuting Makalangit na Ama, dalangin ko, sa Pangalan ni Jesus, na Iyong ihahayag ang Iyong pag-ibig sa babaing ito. At pagagalingin siya at paiigihin ang lagay niya nang buong-buo, habang ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

206 Ngayon, iniisip ko, ilan kaya rito ang nananampalataya na ngayon nang buong puso nila? Sumasampalataya ba kayo? Sige’t itaas n’yo ang inyong kamay.

207 Mayroon po ba rito, na di Cristiano, bago tayo magpatuloy sa pananalangin sa mga maysakit, na magsasabi, “Tinatanggap ko na ngayon si Jesus bilang aking Tagapagligtas. Ako nga’y medyo nag-aalinlangan pa sa buhay ko”? Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki na nakaupo riyon. Pagpalain ka ng Diyos, ginang na nakatayo na may kargang sanggol. Mayroon pa po bang iba na magtataas ng kanilang kamay, sasabihin, “Tinatanggap ko na ngayon si Jesus Cristo bilang sariling kong Tagapagligtas”? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

208 Alalahanin n’yo, di n’yo, marahil, maliban kung maparoon na kayo sa Langit, na makararamdam nga kayo na kayo’y nasa Kanyang Presensya tulad ng pagkakaparito n’yo sa dakong ito, na nakikita n’yo mismo ang Kanyang pagkilos sa mga tao.

209 Magagawa ba ng iba pa, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali?

210 Makalangit na Ama, hinahangad Mo na ang mga tao’y sumampalataya sa Iyo. Hangad mo na ang mga tao’y umibig sa Iyo. Apat o lima ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, na nagnanais sila na tanggapin Ka bilang sariling Tagapagligtas nila. Dalangin ko po, Ama, na Ika’y makikipag-ugnay mismo ngayon. At pahintulutan ang mga kalalakihan at kababaihan, na di pa nakalalapit sa Iyo, o marahil lumayo sa Iyo, at lumayo sa iglesia, at lumayo sa pagsamba, at nagnanais ngayon sila na makabalik sa Iyo, at nalalaman nila na Ika’y narito, at kanila—kanila ngang nababatid na Ikaw ito na nangungusap sa kanila ngayon, heto’t dalangin ko po na kanilang mapagpakumbabang itaas ang kanilang mga kamay sa Iyo, na may kabatiran na balang araw sila’y kakatagpo sa Iyo. At marahil ito na ’yun bago matapos ang taon, o marahil bago matapos ang sanlinggo, na sila’y haya’t paparoon na para—para kumatagpo sa Iyo. At naghahangad sila na makalapit nang may kapayapaan, na may kabatiran na ang kanilang mga pagkakasala ay pinatawad na.

211 At, Ama, idinudulog ko po sila, sa pamamagitan ng Iyong Salita, ang pangako; na iyong sinabi, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin,

ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.”

²¹² Habang nakayuko ang ating mga ulo, at tumutugtog ang musika, iniisip ko, kaibigang Cristiano, o makasalanang kaibigan, mayroon pa po ba rito? Di po ito para sa akin, ako’y kapatid n’yo lamang; pero ito’y kabatiran na ang Panginoong Jesus ay malapit, maaari n’yo bang itaas ang inyong kamay? Habang nakayuko ang inyong ulo, wala pong titingin, kung maaari. Haya’t itaas—haya’t itaas n’yo lang ang inyong kamay sa Diyos, at sabihin, “Sa pagtaas ko ng kamay na ito, akin na ngayong tinatanggap si Jesus bilang Tagapagligtas ko. Habang Siya’y naritong malapit sa akin, ninanais ko na tanggapin Siya bilang Tagapagligtas ko.” Maaari n’yo bang itaas ang inyong mga kamay? Pagpalain ka ng Diyos; ikaw; ikaw sa ibaba ryan, kabataang babae; ikaw, batang lalaki; ikaw, binibini; at ikaw. Mainam ’yan. Pagpalain kayo ng Diyos. Ang Panginoong Jesus ay mahabag sa inyo, sa bawat isa.

²¹³ Mayroon po ba rito na dating nagsisimba at nakikibahagi sa isang iglesya sa kung saan, at kayo’y para bang napalayo sa iglesyang ’yun, at di na kayo nagsisimba pa? Wala po sa akin kung anumang iglesya ’yan; di na ’yun importante. Pero heto nga na nagnanais kayo na makabalik sa simbahan, at makibahagi uli sa pagbubuklod kasama ang mga anak ng Diyos, at nagnanais kayo na maalaala sa panalangin, na kayo’y panunumbalikin ng Diyos? Itaas n’yo lang ang inyong kamay. Magagawa n’yo po ba? Pagpalain kayo ng Diyos. Oh, grabe! Sangdosenang mga kamay, sa palagay ko, ang nagsipagtaas. Ngayon, kalugud-lugod nga ’yan. Sige po’t gawin n’yo, kung maaari po?

²¹⁴ Ang ating kapatid, na pastor, tatawagin po namin kayo sa altar, maya-maya, ang kapatid na, Junior Jackson, para rito sa pagtatawag para sa pagdulog sa altar, sa ilang saglit.

²¹⁵ Pero gusto ko pong tanungin kayo ng isang katanungan. Kayo po ba’y sumasampalataya na ngayon na ang Panginoong Jesus ay narito, at nagnanais kayo na mapagaling? Magagawa n’yo bang itaas ang inyong kamay, sige’t itaas n’yo lamang ang inyong kamay, na nagnanais kayo na mapagaling? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

Ngayon habang nakayuko ang inyong ulo.

²¹⁶ May nakikita akong ginang na nakaupo rito, sandali lang po. Oo, may sakit siya na pambabae. Nakaupo ryan, na ang mga kamay niya’y nakataas sa ulo niya. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Yung kamay mo’y itinaas mo kani-kanina lang. Di mo na kailangan pang magulumihan kahit kailan. Ang Diyos, pinagaling Ka na niya; dahil sa pananampalataya mo.

²¹⁷ Kapatid na lalaki, na nakaupo ryan sa likod na nakatingin sa akin, na may pangginginig, na parang palsy, may problema

ka sa iyong prostate. Pinagigising ka nga n'yan lagi sa gabi. Hindi ba? Tama. Siyanga, po. At ngayon, hayan nga't, ikaw ba'y sumasampalataya na pagagalingin ka ni Jesus Cristo? Kung sumasampalataya ka, sige, kung ganoon ay matatanggap mo ang kagalingan mo. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam na 'yan.

Ngayon maging mapitagan po, ang bawat isa.

²¹⁸ Dito sa itaas sa balkonahe rito, sa bandang kanan ko, may isa riyan na nagsasabi, "Panginoong Diyos, sumasampalataya ako sa Iyo nang buong puso ko. Nagnanais ako na maalaala sa pagdulog para sa pananalangin ngayon." Itaas mo ang iyong kamay, saan ka man naroon. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos.

²¹⁹ May nakikita ako na mga tubig, na umaagos. Isa po itong misyonero na nakaupo rito na nananalangin, din. Pagpalain ka ng Panginoong Diyos, kapatid kong babae, at ibigay sa iyo ang inaasam-asam ng puso mo, siyanga rin. Ang Panginoon ay mapasa iyo.

May magsasabi, "Papaano mo nalalaman 'yun, Kapatid na Branham?"

Sasabihin ko nga ito. Narito ito, ang Anghel ng Panginoon ay narito mismo.

²²⁰ Ngayon, kayo, may hihilingin ako sa inyo na inyong gawin. Kayo na nakaupo sa tabi ng isa pa, na may sakit, maaari n'yo po bang ipatong ang inyong kamay sa kanila pansumandali, para sa pagdulog na pananalangin. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, para sa pagdulog na pananalangin. Tama po. Pakikinggan din ng Diyos ang inyong dalangin, opo. Iniibig Niya kayo. Narito Siya, at nagnanais Siya na kayo'y paigihin ang kalagayan.


²²¹ Makalangit naming Ama, idinudulog ko po ang mga narito na mga tagapakinig sa Iyo ngayon, yamang nalalaman namin na Ikaw ay narito, na di nabigo sa kahit isa man. Hinding-hindi Ka nabibigo, Panginoon. Ika'y Diyos, at di Ka nabibigo. At ang Iyong pakikitungo sa sampu rito o labinlimang tao na nagpunta rito sa harapan sa entablado, ngayong gabi, ay ang pakikitungo Mo mismo sa bawat isa't sa lahat. Marami pa rito sa mga nagkatipun-tipong makinig, marahil may walo o sampu sa mga narito ngayon, na Ika'y nagpakita ng mga pangitain, sinabi sa kanila kung ano ang sakit nila, at kung ano sila. Hayan ngang, Ikaw mismo ang Panginoong Jesus. Nakikilala Mo po sila. At magagawa Mo na ihayag, sa Iyong hamak na mga lingkod, ang bagay na kinakailangan.

²²² At dalangin ko, Makalangit na Ama, sa oras na ito mismo, na Iyong tingnan sila, sa kanilang kalagayan ngayon... At dalangin ko sa Iyong napaka dakilang puso, na batid ko po na malayong-malayo ang naabot sa kung anong kayang abutin ng

habag ng tao, na anupa't Iyo silang nakikita at nakikita ang pangangailangan nila, at pagalingin ang bawat isa. Panginoon, talastas Mo po ang kanilang mga kalagayan. At dalangin ko, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus, na, sa oras na ito mismo, na Iyo silang pagalingin.

²²³ At ang kaaway, ang diyablo na gumapos sa kanila, at ang di-pananampalataya na gumapos sa kanila sa katayuang ito; inuutusan kita, kaaway ni Jesus Cristo, na lumayas ka sa mga taong ito. At lisanin mo sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

²²⁴ Ngayon, habang nakayuko ang inyong mga ulo, na buong pusong nananampalataya, na si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay narito mismo't, pinagagaling kayo, na kayo'y nakaupo na sa Kanyang Presensya, at sumasampalataya kayo. At kung kayo'y sumasampalataya nang buong puso n'yo, at nananampalataya na matatanggap n'yo ang inyong kagalingan, habang nakayuko ang inyong ulo, itaas n'yo po ang inyong kamay; kung ramdam n'yo na inyong matatanggap ang inyong kagalingan, na kayo'y pinagaling na. Pagpalain kayo ng Diyos. Napaka ganda n'yan. Ang lahat nga na narito, at ang bawat isa, sa palagay ko, na nagsipagtaas ng kanilang kamay, ay heto ngayong tinatanggap ang kanilang kagalingan. Pagpalain kayo ng Panginoon.

²²⁵ Habang iniyuyuko natin uli ang ating mga ulo, isa lamang pong kaunting pagdulog na pananalangin mula kay Kapatid na Junior Jackson, habang nakayuko ang inyong ulo. Sige po, Kapatid na Jackson, ang Panginoon nga'y . . . [Nananalangin si Kapatid na Jackson—Pat.] 

PAKIKIPAGLABAN PARA SA PANANAMPALATAYA TAG56-0200
(Contending For The Faith)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong, Pebrero, 1956 sa Georgetown High School sa Georgetown, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org